

PATUNGO SA LABAS NG KAMPAMENTO



Manatili tayong nakatayo sa ilang saglit.

Minamahal na Diyos, nagpapasalamat po kami sa Iyo para dito sa isa na namang pribilehiyo na makatindig sa bahay ng Diyos at makasamba sa buhay na Diyos. Lubos kaming nagpapasalamat na pinagkakalooban pa rin kami ng ganitong pribilehiyo sa lupain. At ngayon nagpapasalamat din po kami para sa mga tapat na taong ito, Panginoon, na pumarito nang napakaraming milya, daan-daang milya, marami sa kanila. At ang ilan sa kanila ay magsisikap na—na kaagad silang makabalik, ngayong gabi, doon sa mga lansangan, doon sa daan. Diyos, dalangin ko po na Iyong sasamahan sila at tutulungan sila. Gabayan sila, O Ama. Pinasasalamatan Ka namin para sa kaunting ambong ito na nagpalamig sa hangin para sa amin, nang panandalian.

² At, Ama, dalangin namin na Iyo kaming kakatagpuin ngayong gabi sa Iyong Salita. Sapagkat, iyan ang dahilan kaya po kami nagkatipon, Panginoon, ay ang katagpuin Ka sa Salita. Tulungan Mo po kami, Panginoon, na ang aming pagtitipon ay maging lubos na kapaki-pakinabang sa Iyong Kaharian, at gayon din na matulungan kaming lubos, upang matulungan naman namin ang iba. Ipagkaloob Mo po ang mga bagay na ito na aming hinihiling, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Makakaupo na kayo.

³ Nagkaroon lamang ng ilang pribadong pakikipanayam doon sa loob. At bago pa lang magsimula ang pagtitipon, binigyan ako ni Billy ng isang—sangatutak ng mga iyon hanggang sa ako—halos di ko na alam kung saan magsisimula. Ngunit idinadalangin namin na—na pagpapalain kayo ng Diyos sa pagsisikap ninyong manatili pa para sa panggabing gawain.

⁴ Ngayon, kung loloobin ng Diyos, sa susunod na Linggo ng umaga’y magkakaroon ako ng isang—isang gawain muli. Kakakausap ko lamang sa pastor, at ayos naman ito sa kanila.

⁵ At ngayon sana’y may panahon ako para batiin ang bawat mabuting kaibigan kong naririto, ngunit alam kong naghihintay kayo. Maalinsangan. At ako—lalaktawan ko na lamang ang pagkakataong iyan, at—at sasabihin na lamang ito, “Pagpalain kayo ng Diyos.”

⁶ Alam n’yo, wala na akong alam pang mas dakilang bagay na mahihiling para sa akin ng sinuman, kundi ang sabihing,

“Pagpalain ka ng Diyos.” Kita n’yo? Kung gagawin Niya ’yon, iyon lamang ang kailangan ko, sadyang—’yon lamang. Sa palagay ko’y iyan ang pinakadakilang salita sa—sa diyalekto, ang “Pagpalain ka ng Diyos.” At, ngayon, at alam kong ginagawa nga Niya.

⁷ At gaya nga ng sinabi ko sa maybahay ko kani-kanina lang. Ako ay—sinisikap kong makapaligo, at hindi ako matuyo-tuyo. Ako’y—magpupunas ako, at basa na naman ako pagkatapos. Magpupunas ako, at hindi ko maisuot-suot ang aking kamisadentro, man lang. At medyo naiiba nang kaunti doon sa Tucson. Mga doble ang init niyon dito, ngunit gayunman ikaw—wala kang pawis man lang. Walang—walang halumigmig sa hangin, kaya ito’y tinutuyo niyon sa sandaling lumabas ka. Maglagay ka ng isang palangganang tubig doon, at wala na ito. Hindi ka maaaring pagpawisan, dahil sadyang tinutuyo niyon ito sa iyo bago mo pa magawa na ikaw—ikaw—ikaw ay mapagpawisan. Pinagpapawisan ka, siyanga, pero hindi mo ito nakikita. Kaya, dito, sinisikap kong gumugol ng sobra-sobrang oras sa pagpapatuyo. Kaya, at ako—pawis na pawis na ako ngayon.

⁸ Nanggaling ako doon sa kuwarto roon, at mayroon kaming pito o walang tao sa loob, na malubha na ang kalagayan, at kinailangang matingnan na kaagad-agad.

⁹ Ngayon, ang dahilan kaya pinanatili ko kayo, at hiniling sa inyo na—na pumarito, ay dahil sa aking—nadarama kong ito’y—ito’y kapaki-pakinabang sa atin. Ako—hindi ko gagawin ’yon, mga kaibigan. Ako—lubos ko kayong inaalala, para gawin iyon, basta pumunta lang dito para—para pakinggan ang isang tao, o makinig sa kung ano ang sasabihin ko, o kung ano. Ako—hindi ko gagawin iyon. Hindi iyon magiging tama. Hindi ’yon magpapakita ng pag-ibig ko sa inyo, ang basta na lamang pumarito nang ganon. At hindi ako naniniwala na pumaparito kayo. . . Bagama’t, alam kong mahal ninyo ako, gaya ng mahal ko kayo. At—at kaya nga ako—ako—alam ko ’yan, kung hindi ay hindi ninyo gagawin ang mga bagay na ginagawa ninyo. Kaya iniisip ko kayo nang husto, na hindi ko kayo pauupuin sa init at mga gayong bagay, na gaya nito, kung hindi ko iniisip na isa itong bagay na makakatulong sa inyo.

¹⁰ Saka, bago ako magtungo rito, lagi kong sinisikap sa abot ng makakaya ko, sa harapan ng Diyos, na pumili ng isang munting bagay, isang Kasulatan sa kung ano mang paraan, at hilingin ang Kanyang patnubay, ang huling bagay bago umalis. “Tulungan Mo po, Panginoong Diyos, sa anumang paraan, na ibigay—ibigay ang lahat ng magagawa Mo sa kanila na mga minamahal na tao.”

At umaasa ako, at tunay na naniniwala, na tatahan akong kasama ninyo sa tuwina. Naniniwala ako na ito ang pinakamaikling panahon na mayroon tayo, habang nakatayo

tayong magkakasama na gaya nito. Magkakasama-sama tayo sa Walang Hanggan. Kita n'yo? Pinaniniwalaan ko nga 'yon. Ako—ako—naniniwala ako doon.

At nais ko kayong tulungan. At ako, kung makapagsabi man ako ng anumang bagay na mali, nalalaman ng Makalangit na Ama na hindi dahil sa sinasadya kong gawin iyon; ito'y dahil sa nagagawa ko iyon nang hindi ko nalalaman; nagagawa ko iyon nang di-namamalayan.

¹¹ Kaya nga, nalalamang responsibilidad ko kayo, at nasa aking mga kamay, para sa Ebanghelyo, lagi kong nanaisin na mapanatili kayong wasto sa mga pahina ng Bibliang ito. At—at ako . . .

Madalas nagpupunta sa akin ang mga tao, at sinasabi, “Kapatid na Branham, kung magpunta ka lamang sana dito at sabihin ‘GANITO ANG SABI NG PANGINOON’ sa aking munting anak na may sakit, gagaling na ito. Magpunta ka doon at sabihin lamang, ‘Gagaling ito.’ Ganun lang ang nais kong gawin mo.”

¹² Ngayon, tapat at maganda 'yan. Talagang pinahahalagahan ko iyan! Ngunit, alam n'yo, hindi ko magagawa 'yan hanggang sa sabihin Niya sa akin, muna. Kita n'yo? Puwede kong ipanalangin ang bata, gawin ang lahat ng makakaya ko.

Ngunit, nakita n'yo, paano kung nagtungo ako doon na natangay ng pagkasigasig at sinabi iyon? Kita n'yo, kung sinabi ko, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON,” ang totoo'y magiging sabi lamang ito ng sigasig ko. Kita n'yo? Kita n'yo? At pagkatapos ay maaari itong maganap at maaaring hindi ito maganap. Ngunit, ganun pa man, paano kung natangay ang tao rin na 'yon sa sigasig ko, at hindi ito naganap? Pagkatapos, ang taong 'yon ay maaaring nasa isang—isang kalagayan na kung minsa'y nasa pagitan ng buhay at kamatayan, kung ganun saan mapupunta ang tiwala nila? Matatakot na sila na baka matangay na naman akong muli ng pagkasigasig. Kita n'yo?

Kaya, kapag sinabi ko iyon, nais kong maging lubos na matapat na totoo nga iyon, sa lahat ng aking nalalaman. At kung gayon kapag nangusap Siya sa akin, ay sadyang masasabi ko kung ano ang ipinakita Niya sa akin. Maging mabuti man iyon o masama, kailangan kong sabihin iyon. At kung minsan ay—ay hindi kaaya-ayang sabihin sa mga tao ang mga bagay na iyon. Ngunit, gayon pa man, tungkulin ko pa ring sabihin sa mga tao ang—ang masasamang bagay na darating sa kanila, kung paanong tungkulin ko rin namang sabihin sa kanila ang mabubuting bagay na darating sa kanila.

¹³ At, sa kabila ng lahat, nais naman natin ang kalooban ng Panginoon. Kung minsa'y taliwas ang kalooban ng Panginoon sa mga hangarin natin. Ngunit, gayon pa man, kung nais natin ang kalooban ng Panginoon, kasing halaga rin ito na malaman

na darating sa atin ang kasamaan, kung iyon ang kalooban ng Panginoon. Maging iyon man ay mabuti o masama, ang kalooban ng Panginoon ang nais nating mangyari. At alam kong tinitingnan natin ito sa ganyang paraan.

¹⁴ Ngayon, ako—alam kong kadalasan ay may tatlung minuto ang mga kapatid dito, dalawampu hanggang tatlung minutong mensahe tuwing Linggo ng gabi. At ako—hindi ko alam kung kaya kong gawin iyan o hindi, kaya ako—gagawin ko na lamang ang buong makakaya ko.

¹⁵ Ngayon, sa palagay ko’y may gawain sa pagbabautismo pagkatapos na pagkatapos nito. Narinig kong nagbautismo sila ng isang malaking grupo ng mga tao kaninang umaga. Sa tuwina, nagkakaroon dito ng pagbabautismo, sa lahat ng oras. Ang mga ministro, na mga Methodist, mga Baptist, Presbyterian, church of God, Lutheran, maging ano pa man ito, ay nagpupunta at nagpapabautismo sa Pangalan ng “Panginoong Jesus Cristo.”

At sa harapan ng Diyos, kapag kailangan ko nang tumindig sa Hukuman, kailangan kong panagutan iyan. At kung sadyang lubos akong nakatitiyak sa aking pag-iisip, sa pagiging pinaging matuwid sa lahat ng bagay sa buhay ko kung paanong gayon din naman ako tungkol diyen, magiging handa na ako para sa Pag-agaw ngayon mismo, sapagkat alam kong iyan ang Ebanghelyo ng Katotohanan. Kita n’yo? Iyan ang Katotohanan.

¹⁶ Wala ni isa mang Kasulatan sa Biblia kung saan nabautismuhan ang sinuman sa iba pang paraan maliban sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ang kautusan tungkol sa “Ama, Anak, at Espiritu Santo,” ay isa lamang. . . “Magsiyaon nga kayo, gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila’y inyong bautismuhan sa Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo.” Hindi sa . . . hindi ang bigkasin ang titulong ito sa kanila; kundi ang bautismuhan sila sa *Pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo*, na siyang “ang Panginoong Jesus Cristo.”

¹⁷ Ang lahat noon sa Biblia ay nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. At sinabi ng Biblia, na, “Ang sinumang mag-alis ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isang salita Dito, sa anumang paraan, sa aba nila.” Kaya nga may sapat ako na dapat kong katakutan, bukod pa sa pagdaragdag ng isang bagay o pag-aalis Nito mula sa Kasulatan.

Inilagay na ako nito sa problema nang marami nang beses, ngunit nananatili pa rin ako doon. Siya ang aking kalasag. Naging dahilan ito para mahiwalay ako sa maraming kaibigan. Nagsilayo sila sa akin dahil diyen. Ngunit hangga’t nasa sa akin ang Kaibigang ito rito, ang Panginoong Jesus! At Siya ang Salita. Maging ano pa man, maging lubak-lubak man ang landas, mahirap ang daan, dumating Siya sa ganong ding kaparaanan. “At kung tinawag nilang ‘Beelzebub’ ang

Panginoon ng sambahayan, gaano pa kaya nila lalaitin yaong mga alagad Niya?"

¹⁸ Ngayon sumainyong lahat ang Panginoon at pagpalain kayo sa buong linggo, at ibigay nawa sa inyo ang pinakamabuting mairadalangin ko sa Diyos na ipagkaloob sa inyo, ang siyang aking dalangin.

Ngayon ay magbabasa na tayo mula sa mahalagang Salita.

¹⁹ At—at alalahanin ngayon, muli, sa Miyerkules ng gabi. . . Mayroon bang gawain sa panalangin sa kalagitnaan ng linggo o anuman? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Sa Martes, pagtitipon para sa pananalangin sa bahay, sa Lunes at Martes ng gabi."—Pat.] Mga pagtitipon para sa pananalangin sa bahay sa Lunes at Martes ng gabi. Sa palagay ko'y alam na ng mga tao.

²⁰ Si Kapatid na Junior Jackson, narito ba siya sa loob ng gusali? Ako. . . Kapatid na Jackson, hindi ko. . . [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Oo, banda rito mismo."—Pat.] Heto siya, si Kapatid na Jackson. Buweno. Ako—ako. . . May isa pang Kapatid na Jackson dito, ako. . .

At si Kapatid na Don Ruddell, narito ba siya sa loob ng gusali ngayong gabi? Si Kapatid na Don, banda rito.

At marami sa iba pang mga kapatid, nakikita ko dito ang mga kapatid na mula sa Arkansas, at Louisiana, at—at iba't ibang dako sa palibot ng bansa.

²¹ At mayroon akong ilan, na matatanda nang mga kapatiran dito ngayong gabi, din naman. Naritong kasama ko si Kapatid na Thomas Kidd na nakaupo dito sa bandang kanan, na magwawalumpu't apat na taong gulang na sa loob ng ilang araw. At mga tatlo o apat na taon na ang nakakaraan, ay naoperahan sa sakit sa prostate, at nag-agaw-buhay na noon sa kanser. Kapapahiga pa lang sa kanya ng doktor para mamatay na. At halos masira ko na ang luma kong sasakyan, sa pagpunta sa kanya, doon sa Ohio. At pinagaling siya ng Panginoong Jesus nang mabuti at ganap. At narito, siya at ang kanyang munting kabiyak, ngayong gabi. At marami sa inyo ang nakakakilala sa kanila; marahil ang iba'y hindi. Ngunit narito ang isang lalaki at babaeng ipinapangaral na ang Ebanghelyo bago pa ako isilang. Isipin n'yo nga iyon, at matanda na ako. Kita n'yo? Ngayon, at tinitingnan ko sila, at sila na nagpapatuloy pa rin, tapos ay lumalakas ang aking loob.

Kilala nating lahat si Kapatid na Bill Dauch na nakaupo dito sa sulok.

²² At, oh, labis tayong nagpapasalamat para sa lahat ng mga dakilang pagpapala ng Diyos! Patuloy nawa itong pumasaatin hanggang sa pag-ihip ng huling trumpeta at, alam n'yo na, "Magkakasama tayong aagawin paitaas, upang salubungin ang Panginoon sa papawirin." Isipin n'yo nga iyon! Mga taong

nawawala, hindi na nila kayo makikita pa, ngunit nagkakasama-sama kayo ng iba pang kapangkat.

“Sila na nangabubuhay at nangatitira hanggang sa Pagparito ng Panginoon ay hindi mangauuna, o hahadlang,” ang salita ay, “sila na nangatutulong,” hindi patay. Hindi, hindi namamatay ang mga Cristiano. Namamahinga lamang sila nang kaunti, kita n’yo. Iyon lang. Oh, naku! “At tutunog ang trumpeta ng Diyos; at ang mga nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na mag-uli,” magpapakita sa marami. At sa isang iglap, mangyayaring nakatayo ka at pagtingin mo, at, naku, hayun ang isang kapatid na lalaki, at alam n’yo hindi na iyon magtatagal. Sa ilang sandali, “Tayo’y babaguhin, sa isang saglit, sa isang kisap-mata. At kasama nila, na maglalaho sa mundo, inagaw na paitaas upang salubungin ang Panginoon sa papawirin.”

²³ At, ang isipin lamang, na sa lahat ng nakita na natin sa Mga Kasulatan, at ang malinaw na mga katibayan ng panahon na ating kinabubuhayan, maaari itong mangyari bago pa man matapos ang gawain, isipin lamang ’yon, sa gabing ito.

Kung gayon, sa pamamagitan niyan, ay dadako tayo sa Kanyang Salita, habang nagbubukas tayo sa ika-13 kabanata ng Mga Hebreo, at magbabasa tayo mula sa ika-10 hanggang sa ika-14 na talata. Ng Mga Hebreo 10 at . . . o, o pasensya na. Mga Hebreo 13:10 hanggang 14.

²⁴ Ngayon, gaya ng sinabi ko, tayo, kapag nanunumpa tayo ng katapatan sa ating bandila, na ayos lang naman, ako . . . Lagi tayong tumatayo habang nanunumpa tayo ng katapatan. At sa lahat ng iba pang mahahalagang okasyon, tayo—tumatayo tayo bilang pagbibigay-galang, o pagpupugay, at iba pa, sa ating bansa. At kapag pinapatugtog nila ang *The Star-Spangled Banner*, ay tumatayo tayo nang may paggalang.

²⁵ At bilang mga sundalong Cristiano, tayo’y tumayo nang may paggalang habang binabasa natin ang Salita ng Diyos. Makinig nang mabuti sa pagbasa sa Salita. Ang dahilan kung bakit nais ko Itong basahin; maaaring mabigo ang aking mga salita, ngunit hindi ang sa Kanya. Kaya kung babasahin ko ang Kanyang Salita, lamang, kayo’y mapagpapala. Ika-10 talata ng ika-13 kabanata ng Mga Hebreo.

Tayo ay may isang dambana, na hindi matuwid kainan ng mga nagsisipaglingkod sa tabernakulo.

Sapagka’t ang mga katawan ng mga hayop, na ang mga dugo’y dinadala ng dakilang saserdote sa dakong banal na handog na patungkol sa kasalanan, ay sinusunog sa labas ng kampamento.

Kaya naman si Jesus, upang mapaging banal sa pamamagitan ng kaniyang sariling dugo ang bayan, ay nagbata sa labas ng pintuan.

Atin nga siyang labasin sa labas ng kampamento, na dalhin natin ang kaniyang pagkadusta.

Sapagka't dito'y wala nga tayong bayan na namamalagi, nguni't hinahanap natin ang bayan na darating.

²⁶ Panginoong Diyos, na Siyang nangangalaga sa Salitang ito, at nangangalaga sa pag-iingat Nito sa loob ng nagdaang mga kapanahunan, upang matiyak na makarating Ito sa amin nang walang-halo. Ito ay dalisay, na malinis na Salita ng Diyos. Aming iingatan Ito nang lubos sa aming mga puso sa sandaling ito. Himayin Mo po ang tekstong ito, Panginoon, sa isang konteksto para sa amin, sa gabing ito; upang kami, na mga anak ng tao, ay maunawaan ang pag-aanyaya ng Diyos. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

²⁷ Ang paksa ko para sa—sa gabing ito ay: *Patungo Sa Labas Ng Kampamento*. Ito'y medyo isang maliit na paksa, medyo kakatwa, ngunit, alam n'yo, kadalasan nakikita natin ang Diyos sa mga kakatang bagay. Lubos nang nasanay ang mundo sa nakaugaliang bagay, hanggang sa, ang anumang bagay na di-pangkaraniwan mula sa pangkaraniwang kalakaran, iyon ay nagiging kakatwa na.

Gaya nga ng ipinangaral ko dito ilang araw na ang nakakaraan, dito sa tabernakulo, tungkol sa: *Ang Kakatwa*. At isang kakatwa ang magsasaka sa negosyante; isang kakatwa ang negosyante sa magsasaka. Ang Cristiano ay isang kakatwa sa mananam-. . .di-mananampalataya, at iba pa. Talagang magiging isa kang hangal sa tingin ng iba. Kaya, anumang bagay na kakaiba, ginagawa ka nitong tila ba isang hangal, sa—sa pangkaraniwang kalakaran.

²⁸ At kaya nga, ang mga tao ng Diyos, at ang Kanyang mga propeta, at ang Kanyang—Kanyang mga mensahero sa buong kapanahunan, na naghatid ng Kanyang Mensahe mula sa Salita, ay itinuring na mga hangal, sa labas.

²⁹ Isang hangal si Noe, sa kanyang dakilang intelektuwal na mundo na kanyang pinangaralan. Si Noe. . .Ay talagang isang hangal, para kay Faraon; na ang kanyang paa ay nasa luklukan na at saka ito tinalikuran, para sa isang pangkat ng mga magpuputik, na gaya ng kanilang inaakala. At isang hangal si Jesus, para sa mga tao. At ang lahat ng iba pa sa kanila na nagsigawa at namuhay para sa Diyos, ay itinuring na mga hangal. Kinailangan nilang magtungo sa labas ng kampamentong mayroon sila.

³⁰ Lalong-lalo pa, na nahihikayat akong maniwala na hindi na napapalapit ang mga tao kay Cristo.

Ngayon, narito ako upang sikaping makatulong sa lahat ng paraang magagawa ko, at gawing malinaw ang aking pahayag

sa abot ng nalalaman ko kung paano ipabatid ang mga iyon. At pagtiisan sana ninyo ako kung inyong mamarapatin.

³¹ Habang tumitingin ako at nangangaral sa buong bansa, at pinagmamasdan ang mga tao, ako—lubos akong naniniwala na hindi nga napapalapit ang mga tao kay Cristo. At naniniwala ako na ang kaaway ang naglagay ng hadlang na ito. Sapagkat, ang dahilan kung bakit ko ito pinaniniwalaan, hindi Siya ang nilalayon ng itinuro sa kanila. Alinman sa itinuro sila sa isang—isang—isang dogma, o isang doktrina, o isang samahan, o karanasan, o isang sensasyon, o parang ganyan, sa halip na itinuro kay Cristo, ang Salita.

Iyan ang dahilan kaya iniisip ko na ang mga tao ay isinasalalay ang kanilang Walang Hanggang destinasyon sa isang kung anong dogma, o sa kung anong sensasyon. Gaya ng, sinasabi ng ilan, “Nagsayaw ako sa Espiritu. Ako—nagsalita ako sa iba’t ibang wika. Ako—ako—naramdaman kong may dumaloy na apoy sa akin.” At alam ba ninyo, na kayang gayahin ng diablo ang lahat ng mga bagay na iyan?

³² May iisang bagay lamang na hindi niya magagaya, iyan ay ang Salita. Sa naturang pagtatalo, sa pagitan niya at ni Jesus, tinalo siya ni Jesus sa bawat pagkakataon. “Nasusulat,” ang Salita!

At naniniwala ako, ngayon, na ang dahilan kung bakit hindi lumalapit ang mga tao kay Cristo, ay dahil sa itinuturo sila, marami sa kanila, sa isang—isang—isang denominasyon. “Halika’t umanib sa aming iglesya.” O, “Basahin mo ang aming katesismo,” o, “Maniwala ka sa aming doktrina,” o—o isang kung anong uri ng kung anong sistema. Itinuturo sila sa maling daan. At ang kanilang kilos at ang buhay na kanilang ipinamumuhay na wala si Cristo, na pinatutunayan sa kanilang sariling buhay, ay pinatotohanan ng mismong bagay na iyon.

³³ Bilang halimbawa. Hindi ko nais na manakit ng damdamin ng sinuman. Ngunit, pabalik-balik, sa buong bansa, ay sinaway ko na ang mga kababaihan na maiikli ang buhok. Iyon ang Biblia. Sinaway ko na ang mga kababaihang nagsusuot ng shorts, gumagamit ng mga make-up. At taun-taon naman ay palala ito nang palala. Ipinapakita nito na may isa pang daliri, sa kung saan, na nagtuturo sa kanila sa kung anong ibang direksyon. At hindi sila nakakapasok kay Cristo.

³⁴ At sasabihin nila, “Kabilang kami sa isang iglesya. Ang aming iglesya’y hindi. . .” Wala namang kaibahan kung ano ang pinaniniwalaan ng inyong iglesya.

Ang sabi ng Diyos, “Mali ito.” At kung nakapasok na ngang talaga sila kay Cristo, ititigil nila iyon. At, hindi lamang iyon, kundi maninindigan ang lalaki kung nakapasok na siya kay Cristo, at magiging laban doon. Hindi hahayaan ng mga asawang lalaki ang kanilang mga maybahay na kumilos nang gayon.

Hindi nais ng tunay na lalaki na kumilos sa gayong paraan ang kanyang asawa.

³⁵ Isang kabataang lalaki dito sa lungsod, noong isang araw, ang halos gusto nang patayin ang dalawang kabataang lalaki. Naroon sila sa isang gasolinahan. Kayong mga taga-Jeffersonville ay nakita na iyon sa pahayagan. At pumunta itong kabataang babae sa isang gasolinahan, na walang saplot, halos, man lang, at may sinabi ang dalawang binatang nakaupo doon. At halos gustong patayin ng tagasilbi ang dalawang binata; at hinuli dahil dito, at dinala sa korte. At tinanong siya ng hukom, “Bakit mo . . . nagsusuot siya ng ganito?”

Sabi niya, “Sa palagay ko’y maganda siyang tingnan.”

³⁶ Ngayon, may isang bagay na mali doon sa lalaki. Wala akong pakialam kung isa man siyang . . . Kung isa siyang makasalanan, may bagay na mali sa kanya. Hindi maaaring maging tunay ang pag-ibig niya doon sa babae, at inilalabas ang babae para gawing pain sa aso na gaya niyan. May bagay na mali. Humantong na ba ang tao sa kamalayan na magagawa nilang humatol kung ano ang tama at mali?

³⁷ Nakita n’yo ba ang mga bagong kasuotang pampaligo na inilabas nila? Alam n’yo ba’yung inihula ko na hahantong ang mga kababaihan sa mga dahon ng igos, tatlumpu’t tatlong taon na ang nakalipas? At ngayon ay mayroon na sila nung nakasuot ng mga dahon ng igos, nanganganinag na mga palda. Hindi kailanman nabibigo ang Salita ng Diyos. Kita n’yo? At magaganap iyon bago lamang ang wakas ng panahon, muling babalik na sa dahon ng igos. Nabasa ko ito sa *Life* na magasin. Sinabi ko iyan tatlumpu’t tatlong taon na ang nakakaraan, bago pa mahulog ang mga kababaihan. Sinabi na kung paano nila ito gagawin sa araw na ito, at heto na nga sila. Kung paanong sila ay mananamit ng mga kasuotang gaya ng lalaki, at kung paano sila . . . Ang imoralidad ng babae ay babagsak sa bansang ito.

³⁸ Pinakamababa sa lahat ng mga bansang mayroon sa mundo, ay itong Amerika. Siya ang pinakamarumi sa pangkat. Ayon iyan sa estadistika. Mas mataas ang bilang ng pag-aasawa at diborsiyong sa bansang ito kaysa sa alinmang lugar sa mundo, at nakikigaya naman ang ibang mga bansa. Dati-rati’y halimbawa natin ang Pransiya, ang kasamaan at karumihan ng bansang iyon, at ngayon ay kinukuha na nila ang pananamit nila sa atin. Lumampas na tayo sa kanilang hangganan.

³⁹ Alam kong may kung anong dahilan kaya hindi humahantong ang mga tao kay Cristo. Kung humantong sila, hindi sila kikilos nang ganoon.

Nagbata si Jesus sa labas ng pintuan, upang mapaging banal Niya ang Kanyang bayan sa pamamagitan ng Kanyang Sariling Dugo. Ang *pagpapabanal*, ay mula sa isang salitang Griyego, na tambalan, na nangangahulugang, “nilinis, at inilaan para sa

paglilingkod.” At kapag nilinis ng Diyos ang Kanyang bayan sa Dugo ni Jesus, Kanyang nililinis sila mula sa karumihan ng sanlibutan at inilalaan sila para sa paglilingkod.

Kaya naman si Jesus, upang mapaging banal sa pamamagitan ng kaniyang sariling dugo ang bayan, ay nagbata sa labas ng pintuan.

⁴⁰ Maging sa mga taga-Full Gospel, ay nagsibalik sa dating kinasadlakan na pinanggalingan nila. Ano ba noon ang iglesyang Pentecostal, apatnapu o limampung taon na ang nakararaan? Kanilang isinumpa, at hinatulan, at nilibak ang mga iglesyang nilabasan nila, ang mga denominasyong iyon. Ano ang ginawa nila? “Gaya ng isang asong bumabalik sa suka nito, at ng babaing baboy na bumabalik sa lubluban nito.” Nagsibalik sila doon sa mismong lugar kung saan sila tinapyas, at ngayon ang kanilang mga iglesya ay kasing dumi na na gaya ng iba pa sa kanila.

⁴¹ Isang bagay ito, gaya nga ng sinabi ko kaninang umaga. Tulad ng, ang mga tao ay gaya ng sinabi ni Pedro, sa San-San Mateo 17:4 hanggang 8, kung saan sinabi niya, “Mabuti na naririto tayo. Magtayo tayo ng tatlong tabernakulo.”

⁴² Ngunit sinabi sa kanila ng Espiritu na huwag gawin iyon. Sabi, “Ito ang sinisinta Kong Anak; Siya ang inyong pakinggan,” at Siya ang Salita. Siya yaong dapat nating tingnan, ang Salita, hindi ang ating sigasig o kung anong iba pa. “Siya ang Aking Salita; pakinggan ninyo Siya!” At ano ang kanilang nakita matapos mangusap ang Tinig na ito sa kanila? Wala roon maging sina Moises at Elias; ni may isa mang kredo doon; ni may anumang naiwan doon kundi si Jesus lamang, at Siya ang Salita. Iyon lamang ang kanilang nakita.

Ngayon, “Patungo sa labas ng kampamento.”

⁴³ Nalaman natin na sa kanilang kampamento kung saan naganap itong dakilang kaganapan, doon sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo, gaya ng itinawag dito ni Pedro kalaunan, “ang banal na bundok,” kung saan Niya sila kinatagpo. Ngayon, hindi ako naniniwala na ang ibig sabihin ng apostol ay banal ang naturang bundok; ang ibig niyang sabihin ay isang Banal na Diyos iyon na nasa bundok.

Iyon ay hindi ang banal na iglesya; iyon ay hindi ang banal na mga tao. Ito’y ang Espiritu Santo na nasa mga tao. Banal ang Espiritu Santo. Siya ang inyong tagapangasiwa at inyong tagapanguna.

⁴⁴ At nalaman natin, sa munting kampamentong ito doon sa itaas ng bundok, ng Pagbabagong-Anyo, nang inatasan sila upang pakinggan, ang tanging bagay na iniatas sa kanila na gawin ay ang pakinggan ang Salita. Ang tanging bagay na kanilang nakita, ay hindi isang kredo. Wala na silang iba

pang nakita kundi si Jesus lamang, at Siya ang Salita na nagkatawang-tao.

Napakaganda niyon, sa gayon ding kampamentong naroroon sa halamanan ng Eden. Nang pagtibayin ng Diyos ang Kanyang Iglesya sa halamanan ng Eden, ang Kanyang bayan, mayroon silang isang haligi na mapananatilihan; iyon ay ang Salita. Mayroon silang isang kalasag, isang baluti, isang bagay, sapagkat alam ng Diyos kung ano ang makakadaig sa diablo, at iyon ay ang Salita.

⁴⁵ Ginawa ni Jesus ang gayun ding bagay. “Ito ay ang Salita; nasusulat.” At sinubukan ni Satanas na—na gawing mapanghikayat Ito, hindi sabihin Ito; gawing mapanghikayat Ito para sa Kanya. At sinabi ni Jesus, “At nasusulat rin naman.” Ngayon, dapat tayong manatili sa Salitang iyan!

⁴⁶ At dito sa munting kampamentong mayroon sila doon, nina Pedro, Santiago, at Juan; at nina Jesus, Moises, at Elias. At nakita nila sa kanilang kampamento ang hukbo ng Langit ng anino, o ang Haligi ng Liwanag na nakalutang sa ulap na ito na nagpabagong-anyo sa Panginoong Jesus. At nang handa na silang gumawa ng isang denominasyon, isa para sa kautusan, at isa para sa mga propeta, at iba pa, ay sinabi ng Tinig, “Ito ang sinisinta Kong Anak; Siya ang inyong pakinggan.” Pagkatapos, kung ano ang iniutos sa kanila, ay katulad na katulad din doon sa Eden noon, “Manatiling nasa Salita!” Iyan ang kampamento ng Diyos para sa Kanyang bayan.

⁴⁷ Para bang, ang ngayon, ay isang panahon kung kailan ang mga tao’y nagtutungo sa labas ng kampamento. Sa lahat ng bagay, ay lumalampas sila.

⁴⁸ Alam ninyo, nasabi sa akin, kamakailan lamang, na mayroon silang eroplanong jet ngayon na kayang . . . lumilikha ng mga ingay na iyon na naririnig natin dito sa paligid, na nagpapauga ng mga bintana. Ito’y kapag bumilis na nang husto ang eroplano na lumalagpas na ito sa sarili nitong ugong, na tinatawag na hangganang tunog. At kapag lumagpas na ito sa sarili nitong hangganang tunog, halos wala na itong limitasyon sa magagawa nito.

At sa palagay ko, diyan, na makakakuha tayo ng aral. Kapag lumagpas na tayo sa ating sariling hangganang tunog, patungo sa Salita ng Diyos, kung gayo’y wala nang limitasyon sa kung ano ang kayang gawin ng Diyos sa isang tao na handang magtungo sa labas ng kampamento, sa kampamento ng tao, iyon nga. Ngayon, nakikita natin iyan, ang pagtungo sa labas ng kampamento, pagtungo nang lagpas pa dito.

⁴⁹ Nakikita ko na si Satanas, din, ay dinadala ang kanyang mga tao sa labas ng kampamento ng pangangatwiran, nang lagpas sa—sa—sa—sa kampamento ng—ng sentido komun. Si Satanas na dinadala ang kanyang mga tao sa kabilang daan, sa labas

ng kampamento; ang Diyos na dinadala ang Kanyang mga tao sa labas, dito sa kabilang daan. At dinala na sila ni Satanas sa labas ng kampamento ng matinong asal. Kapag umabot na ito sa kalagayan kung saan ang mga tao . . . at nagagawa nang kumilos at gumawa, at makalusot sa mga bagay na kanilang pinaggagawawa ngayon pagdating sa kalakaran ng moralidad. Hindi ko lubos na maisip kung paanong magagawa ng isang lalaki na ilabas doon ang kanyang asawa, na nakasuot ng ganoon, at pagkatapos sasampalin ang isang tao dahil sa pang-iinsulto sa kanyang asawa. Ito'y lagpas na sa sentido komun. Dapat sana'y higit pa riyang ang nalalaman niya. Wala na sa matinong asal! Nasaan na ba ang hangganan nito?

⁵⁰ Ang isang lalaki o babae na kaedad ko, maaari ko kayong tanungin nito. Paano kaya kung ang aking ina o ang inyong ina, mga limampung taon na ang nakakaraan, ay naglakad doon sa lansangan na mayroong suot-suot na isa sa mga pares nitong shorts o mga bikini, anuman ang tawag ninyo dito? Dinampot na marahil sila ng batas, kaagad, at inilagay na sila sa institusyon ng mga baliw. Ang isang babaeng lumabas ng bahay nang wala ang kanyang pang-itaas na damit, at tiyak na mapupunta siya sa institusyon, dahil may problema sa pag-iisip. At kung sa pag-iisip ay mali ang gawin ang gayong bagay noon, tiyak ngang isang tanda na ito na may isang bagay na nawala na sa katinuan. Isa pa rin itong kakulangan sa pag-iisip, na lumalagpas na sa katuwiran; karumihan!

⁵¹ At kapag nagagawa ng isang tao na humitit ng sigarilyo, at pinatutunayan na sa kanya ng doktor na libu-libo na ang namamatay taun-taon sa gayong dahilan, at nagagawa pa ring magbuga ng usok ng sigarilyo, para bang may problema doon sa kaisipan ng taong iyon.

At kapag ang isang tao'y may pagkagimbal sa isipan, at hindi niya . . . hindi niya magawang pakalmahin ang kanyang sarili, sa ginagawa niya, maghahanap siya ng opisina ng bawat manggagamot na mayroon sa bansa, para malaman kung ano ang problema sa kanya. Subalit pagkatapos ay tatayo siya sa bar o sa kotse, at iinom hanggang sa lubos na siyang mawala sa katinuan; gagastusin ang kanyang salapi, upang itulak ang kanyang sarili sa ganyan. At kung mangyaring matapos siya dito na hindi nalango sa alak, kung gayo'y gagastusin niya ang bawat sentimong kikitain niya, sa opisina ng doktor, sa pagsisikap na malaman kung ano ang problema sa kanya. Wala itong katuturan.

⁵² Kung may isang lawing lumilipad sa siyudad, at kukunin ko ang aking riple, at lalabas doon sa aking bakuran at babarilin itong lawin, nasa kulungan na ako sa loob ng sampung minuto mula doon. Ipapaaresto nila ako, "Sa—sa pagkilos nang wala sa kaayusan; pagdadala ng baril sa siyudad; na inilalagay sa panganib ang buhay ng mga tao, sa pamamagitan ng isang

riple, na binabaryl ang isang lawin sa himpapawid.” Baka may mapatay ako, sasabihin nila. “Dapat siyang ipakulong.”

At pagkatapos ay bebentahan nila ang isang lalaki ng sapat na alak upang malasing siya, at ilalagay siya sa isang sasakyan na maaaring makapatay ng isang buong pamilya. At kapag nahuli siya, magbibigay siya, ng limang dolyar na multa. Talagang mamamatay-tao! Ano na’ng nangyayari sa mundo? May bagay na mali sa kung saan.

⁵³ Ngayon, “lumalabas na sa kampamento,” lagpas na sa tamang katinuan, lagpas na sa katuwiran.

Pansinin ninyo, ayaw magsalita ngayon ng ating mga pulitiko tungkol sa pagbabasa ng Biblia sa paaralan. Natatakot sila. Hindi na nila alam kung saan banda umiihip ang hangin. Hindi nila alam kung matatalo sila sa boto, o hindi. Kailangan natin ng isa pang Abraham Lincoln. Kailangan natin ng isa pang John Quincy Adam. Kailangan natin ng isa na maninindigan, maging saan mang dako umihip ang hangin, at magbibigay ng kanilang tapat na mga kumbiksyon.

⁵⁴ Ngayon, ang isang makadenominasyong mangangaral, kahit na ipakita mo sa kanya sa Salita, ang Katotohanan, hindi niya alam kung ano ang gagawin. Natatakot siya na mawawala ang pinagkukunan niya ng ikabubuhay. Kailangan natin ng mga kalalakihan at kababaihan ngayon na matatag sa Ebanghelyo, isa na titindig at magsasabi ng kanilang kumbiksyon, ituturo kung ano ang tama at kung ano ang mali, kung ang Salita ba ng Diyos ang tama o kung ang denominasyon ba ang tama.

⁵⁵ Sinabi ni Jesus, “Ang salita ng bawat tao ay kasinungalingan, at ang Akin ay ang Katotohanan. Ang mga langit at lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Mga Salita ay hindi lilipas.”

⁵⁶ Kaya, nakita n’yo, lumalabas sila sa kampamento ng Salita ng Diyos, upang malaman ang kanilang kasagutan. Noong siya ay . . . hinimok sila mula sa kampamento ng Salita ng Diyos, gaya ng ginawa niya kay Eba sa halamanan ng Eden, ginawa rin ni Satanas ang siya ring bagay ngayon. Siyanga. Natuklasan natin iyon. Nahihikayat ang mga tao sa kanilang mga dogma at mga kredo sa labas ng kampamento, sa kanilang kampamento ng dogma at kredo. Mayroon silang kampamento, rin, at iyon ang naglalagay sa kanila sa kanyang kampamento. Ang sa kanya ay kampamento ng edukasyon, teolohiya, mga gawa, digri ng pagkadoktor, pang-edukasyon, personalidad, lahat ng bagay na taliwas sa kampamento ng Salita ng Diyos. May kampamento ang Diyos para sa kanyang bayan. Ang denominasyon ay mayroong sarili nilang kampamento.

⁵⁷ Tatlong libong taon na ang nakakaraan, ay maaaring makatagpo ng tao ang Diyos sa halos lahat ng dako. Isang pangkaraniwang bagay noon para sa isang tao na makatagpo

ang Diyos. Subalit bakit hindi na nila Siya makatagpo ngayon? Mas maraming tao, na libu-libong beses at milyun-milyon na mas marami ang mga tao kaysa mayroon noong nakalipas na tatlong libong taon, at gayunman ang Diyos ay isa na lamang sinaunang bagay na pinag-uusapan, isang sinaunang kasaysayan. Hindi na nila nakakatagpo ang Diyos, nang mukhaan, gaya nila maraming taon na ang nakararaan, gaya nga ng sinabi ko, tatlong libo, mga tatlong libong taon na ang nakararaan. Hindi na nila nakakatagpo. Hindi pangkaraniwan para sa tao na makatagpo ang Diyos. Kung mangusap tungkol dito ang isang tao, itinuturing na siyang isang baliw na tao, isang tao na nasiraan na sa kanilang isip. Ito'y talagang hindi pangkaraniwan sa kanila!

⁵⁸ Sa kaso ni Abraham at sa kanyang kampamento, aba, halos araw-araw na pangyayari na nakatagpo ni Abraham ang Diyos. Nakikipag-usap siya sa Kanya. Hindi lamang iyon, kundi nang magtungo sila sa Gerar, upang makipamayan; nalaman natin, doon, na ang Diyos ay nasa kampamento kasama ni Abimelech, na isang Filisteo. Isa itong napakapangkaraniwang bagay. Namuhay sila sa kampamento ng Kanyang Presensiya.

Ngayon, nabubuhay sila sa kanilang sariling kampamento, at wala silang anumang pakialam sa kampamento ng Diyos. Ayaw nilang magkaroon ng anumang kaugnayan dito, sapagkat ito'y kapanatikuhan sa sanlibutan. Ito'y kapanatikuhan sa kanila. Ngunit, alalahanin, nang ayusin ng Diyos ang unang kampamento para sa mga tao, Kanyang pinagtibay sila sa Kanyang Salita. Ginagawa nga Niya sa tuwina. Ngunit, ngayon, sa kanilang mga kampamento, hindi na nila ito ginagawa. Iyan ang dahilan kaya hindi na kayo gaanong nakakarinig ng tungkol sa Diyos. Ngayon, naniniwala ako na ang—na ang kampamento . . .

⁵⁹ Gaya ni Moises, kung paano Niya kinatagpo si Moises sa ilang. May isang kampamento doon si Moises kung saan niya pinakakain ang mga tupa ng kanyang biyenang lalaki, na si Jethro, sa likurang bahagi ng disyerto. At isang araw, dito sa matandang walumpung taong gulang na pastol ng tupa, nakakita siya ng isang Liwanag, isang Haliging Apoy sa isang mababang punongkahoy, na nagliliyab. At nakatagpo niya ang Diyos; isang lalaki na tumatakas sa Diyos.

Nang sumunod na araw. Kung minsan ang makatagpo ang Diyos ang nagtutulak sa inyo na gumawa ng mga bagay na kakaiba. Lubhang kakaiba si Moises, nang sumunod na araw. Isinakay niya ang kanyang asawa sa likod ng isang mula, na may kilik na isang sanggol sa kanyang balakang; at nakaladlad ang kanyang mahabang balbas, na may isang baluktot na tungkod sa kanyang kamay, patungo doon sa Egipto, upang sakupin ang bansang iyon. Kung hindi nga ba naman iyon isang katawa-tawang tanawin!

“Saan ka pupunta, Moises?”

“Papunta ng Egipto.”

“Para ano?”

⁶⁰ “Para sakupin iyon!” Nakatagpo niya ang Diyos. Isang pang-isahang-taong paglusob. Tila ba napakakakatwa nito. Subalit, ang bagay dito ay, nagawa niya iyon, dahil nakatagpo niya ang Diyos. Gaya lang ng isang tao na sasakop sa Rusya; iyon lamang ang kailangan ninyo, isang tao na nasa kalooban ng Diyos. Nasa kalooban ng Diyos si Moises. At isang baluktot na tungkod ang hawak niya sa kanyang kamay, hindi isang tabak; isang tungkod. Ang mga kakatwang bagay, na ginagawa ng Diyos.

⁶¹ Ngunit, alalahanin, kinailangan ni Moises na lumabas sa kampamento na kanyang tinitirahan, para gawin ito, dahil nanggaling siya doon na may isang buong hukbo at hindi ito magawa. Sampu ng lahat ng hukbo ng Egipto, hindi niya ito magawa. Subalit isang araw ay inanyayahan siya ng Diyos sa Kanyang kampamento.

Sabi niya, “Sino Ka?”

⁶² Sabi Niya, “AKO YAONG AKO NGA.” Hindi, “Ako yaong noon, o yaong magiging.” Pangkasalukuyan, “AKO NGA! Ako ang Diyos ni Abraham, Isaac, at ni Jacob. Narinig Ko ang daing ng bayan, at naalala Ko ang Aking pangako, at ito na ang panahon upang maisakatuparan ito. Ikaw ay Aking isusugo doon, Moises, na taglay ang tungkod na ito sa iyong kamay.”

⁶³ Ano nga ito? Siya, ngayon, inakala ng mga tao na baliw na siya. Pero ano ang ginawa niya? Lumabas sa kanyang sariling kampamento. Pinag-aral siya ni Faraon nang apatnapung taon sa paaralan sa kampamento, at nabigo siya. At gumugol ang Diyos ng isa pang apatnapung taon upang maialis ito sa kanya. Lahat ng kanyang edukasyon at lahat ng kanyang teolohiya na itinuro sa kanya, nangailangan ng apatnapung taon upang maialis ito sa kanya. At pagkatapos ay ginamit siya ng Diyos nang apatnapung taon.

⁶⁴ Napakalaking panahon ang ginugol ng Diyos sa paghahanda sa Kanyang lingkod. Ngunit, nakita n’yo, hinding-hindi Niya makukuha si Moi- . . .mahahawakan si Moises, hanggang sa lumabas muna si Moises sa kanyang sariling kampamentong gawa ng tao, mula sa pamamaraan ng sandatahang lakas ng pagsasagawa nito, at sa natural na pamamaraan ng pagsasagawa nito, patungo sa supernatural na pamamaraan ng pagsasagawa nito. Pagkatapos, nang mapunta na siya sa kampamentong iyon, magagamit na siya ng Diyos.

⁶⁵ Ngayon, natuklasan natin na sa ilang na ito. . .Napansin natin nang manindigan sila at nanindigan na sila, at lumabas sa Egipto, patungo sa kampamento ng Diyos; lumabas sa kampamento ng mga saserdote at sa kanilang lahat na

nagsasabi, “Ipagbili ninyo ang inyong mga sarili bilang mga alipin, nang habang panahon.” Nang pumaroon si Moises na propeta at pinatotohanan na ang Salita ng Diyos ay malapit na, na ang Diyos na Siyang nangako ay naroon na upang iligtas ang bayan; lumabas sila mula sa kampamentong kinaroroonan nila, patungo sa kampamento ng ipinangakong Salita ng Diyos para sa panahong iyon. Naniwala sila doon sa propeta, dahil sa ang tanda ng pagpapatibay ay pinatutunayan na ito nga ay tumpak na Salita ng Diyos. At pinatunayan ng mga bagay na kanyang ginawa na tama nga ito, at patuloy siyang sinundan ng Haliging Apoy, nagpatunay na ito nga ang Salita ng Diyos.

⁶⁶ Ngayon, sa kampamentong ito, mga himala, mga tanda, at mga kababalaghan ang nasa kampamentong ito.

Inilabas nila sila patungo sa ilang. Iniwana nila ang kanilang natural na kampamento. Iniwana nila ang kampamentong putik. Iniwana nila ang kampamentong yari sa dayami at laryo, para manahan sa mga tolda doon sa ilang, kung saan walang butil o ano pa man. Kung minsan ay hinihiling sa atin ng Diyos na gumawa ng mga bagay na kahangalan, sa ating sariling pag-iisip. At kung talagang iiwana ninyo ang kampamento ng inyong sariling katuwiran, sa dakong iyon ninyo makikita ang Diyos.

⁶⁷ Pansinin, sa paglabas nila sa ilang, ay may mga himala, mga tanda, nang lumipat sila sa kampamentong ito. Ngayon alalahanin, nilisan nila ang kampamento sa Egipto at lumipat doon sa ilang sa kampamento ng Diyos. Paano ninyo nalaman na iyon nga? Ang sabi ng Diyos, “Ang iyong bayan ay makikipamayan sa loob ng apat na raang taon, ngunit Akin silang ilalabas sa pamamagitan ng makapangyarihang kamay, at Aking ibibigay sa kanila itong lupain dito.” At nasa kanilang daan na sila, sa pamamagitan ng isang pinatotohanang Liwanag, isang pinatotohanang propeta, na may mga tanda, mga kababalaghan, na ang Diyos ay nasa kampamento, at nasa kanilang daan na sila. Mayroon silang isang Haliging Apoy. Mayroon silang isang propeta. Mayroon silang manna. Mayroon silang buhay na mga tubig. Amen! Nagsipagbago sila, nagsipagbago ng kampamento. Kinailangan nilang gawin iyon. Hindi nila makita ang mga bagay na iyon sa Egipto. Kinailangan nilang magbago ng kampamento, upang makita ang supernatural.

⁶⁸ Gayon din naman na ang mga tao sa panahong ito ay kinakailangang magbago ng kampamento mula sa mga denominasyon na iyon na nagsasabing, “Tapos na ang mga araw ng himala. Wala nang bagay na gaya ng bautismo ng Banal na Espiritu. At mali ang lahat ng Mga Kasulatang ito; at gumagana ang mga ito para sa ibang kapanahunan.” Kailangan ninyong magbago ng inyong kampamento, magsilabas sa kampamentong iyon, patungo sa kung saan posible ang lahat ng mga bagay.

⁶⁹ Ang lahat ng mga iyon ay pinatotohanan ang Kanyang Presensiya sa kampamento. Ngayon pansinin noon, sila, nagsigawa sila ng gawang-tao na mga kampamento ng mga tradisyon at mga kredo, pagkamatay ni Moises. At pinakitunguhan ng Diyos ang bayan nang maraming taon. Wala na ang Diyos sa Kanyang kampamento, wala na, sa kanilang kampamento, dahil gumawa sila ng kanilang kampamento, sarili nilang gawa na kampamento.

⁷⁰ Alalahanin, nang tawagin sila palabas ng Egipto, binigyan sila ng Diyos ng isang propeta, binigyan sila ng isang haing kordero, binigyan sila ng lahat ng kanilang kailangan; isang salita, isang tanda, isang himala, isang propeta upang mamuno sa kanila, isang katubusan upang ingatan sila, ang Haliging Apoy upang gabayan sila. At nang nakarating na sila doon sa ilang, hindi pa rin sila nasiyahan. Gusto nila ng bagay na kanilang magagawa, nang sila-sila lang. Biyaya na ang nagbigay niyon; ngayon nais nilang may magawang bagay, nang sila-sila lang, para makagawa sila sa kanilang sariling organisasyon, at magbangayan at mag-away-away at magtalu-talo, kung sino ang magiging dakilang saserdote, at kung sino ang magiging *ganito*, *ganoon*, o ang *iba*. Isang araw, sinabi ng Diyos, “Moises, ibukod mo ang iyong sarili sa kanila,” at nilamon na lamang Niya sila sa pagsalangsang ni Kora.

⁷¹ Ngayon pansinin, ang lahat ng mga tanda at mga kababalaghang ito ay pinatotohanan ang Kanyang Presensiya.

Pagkatapos gumawa siya. . . gumawa ang tao ng kanyang kampamento, isang kampamento ng kredo at tradisyon, hindi kampamento ng Diyos ng Kanyang Salita. Sarili nilang kampamento! Kinailangan Niya silang iwanan, sapagkat Siya ang Salita. Hindi Siya maaaring manatili kung saan tinuruan ang mga tao nang wala dito sa Salita. Hindi maaaring manatili ang Diyos sa kampamentong iyon. Hindi Niya magagawa. Hindi Niya kailanman ginawa. Kailangan Niyang manatili kung saan mismo naroon ang Kanyang Salita.

⁷² Nang kailanganin Niyang lisanin ang kampamentong iyon, noon, sa buong dami ng mga taong iyon na Kanyang inilabas sa Egipto, nanahan lamang Siya sa gitna ng Kanyang mga propeta, kung kanino dumating ang Kanyang Salita. Dumating ang Salita sa propeta, upang pagtibayin ang panahon na iyon. Nanahan Siya sa gitna ng mga propeta, at naghayag sa propeta. Labis nilang isinumpa, ang bayan, at isinumpa ang bagay na iyon. At itinuro sa kanila ng Diyos ang Kanyang mga utos at ang daan ng buhay. At ang mga tao naman ay laban dito sa tuwina, at inusig ang propeta, at sa huli ay binato siya, o kaya ay nilagari siya nang pira-piraso, at tinapos na siya.

⁷³ Sinabi ni Jesus, “Alin sa mga propeta ang hindi pinatay ng inyong mga magulang? Alin sa kanila, sa mga matuwid

na isinugo sa kanila?” At sinabi, “Ang mga gawa ng inyong ama ang siya ninyong gagawin.” Hindi mga komunista ang kausap Niya. Ang mga kausap Niya ay mga saserdote, mga taong makadenominasyon, mga Fariseo at Saduceo. Sa palagay ko’y hindi gaanong magbabago ang Kanyang tinig sa gabing ito, lamang ito’y magiging medyo mas matindi pa, marahil, sa kanila.

⁷⁴ Ngayon, nalaman natin na nanahan Siya noon kasama ang Kanyang mga propeta. Pagkatapos ay naging estranghero Siya sa kanila, sapagkat nananahan lamang Siya sa Kanyang Salita, upang patotohanan Ito. Sinabi ng Biblia na binabantayan Niya ang Kanyang Salita, upang patotohanan Ito. Sinusubukan Niyang makasumpong ng isang tao.

Kung makakakuha lamang siya ng isang taong salawahan ang puso, na tulad ni Samson. Isinuko ni Samson ang kanyang lakas sa Diyos, ngunit ibinigay niya ang kanyang puso kay Delila. Ganoon kadalasan ang ginagawa natin, ngayon, ibinibigay lamang sa Diyos ang isang bagay, ngunit hindi lahat. Ngunit, nais ng Diyos ang lahat, natin.

⁷⁵ Gaya ng isang insurance policy, kapag kumuha ka ng insurance policy, mas mainam na kunin mo na ’yung saklaw ang kabuuan. At ganoon ang ginagawa sa atin nitong mabiyayang katiyakan. Ito’y isang policy na saklaw ang kabuuan. Saklaw nito ang lahat ng ating pangangailangan sa buhay na ito, at ang ating muling pagkabuhay, at ang Buhay na Walang Hanggan. Kasama na dito ang lahat ng bagay.

⁷⁶ Pansinin, nanatili ang Diyos sa labas ng kanilang kamentong pagkatapos sa loob ng apat na raang taon. Bakit? Wala na Siyang propeta. Magmula kay propeta Malakias, hanggang kay propeta Juan, apat na raang taon, wala ni isa mang pag-ikot ng gulong na ginawa ang Israel. Nasa labas ng kamentong iyon ang Diyos. Pinalabas nila Siya, sa pamamagitan ng kanilang mga kredo at ng kanilang kasakiman, at ng kanilang di-pagsang-ayon sa Salita. Apat na raang taon na wala ang Salita! Magmula sa isang propeta patungo sa kasunod na isa, ay naglakbay Siya, hanggang sa ang huling propeta ay si Malakias, at pagkatapos ay wala nang iba pang propeta sa loob ng apat na raang taon.

⁷⁷ At pagkatapos ay muling nagpakita sa tagpo ang Diyos. Isang araw ay muli Siyang naglakad sa kanilang kalagitnaan, ngunit lubos nang pinalitan ng kanilang mga tradisyon ang Kanyang lugar sa gitna nila, Siya ay isang estranghero na sa kanila. Ang mga tradisyon ng mga magulang, ay may mga paghuhugas ng mga kawali, at—at ang paraan ng pag-aayos ng kanilang buhok, at pagsusuot ng ilang mga butones sa kanilang balabal, at ang tiyak nilang mga pansaserdote—pansaserdoteng mga kasuotan; at—at ang isa ay isang matapat na Fariseo, at ang

isa naman ay isang Saduceo. At iyon ang kumuha sa lugar ng Salita sa mga taong iyon, hanggang sa, nang dalawin sila ng Diyos, ay isa na Siyang taga-ibang bayan.

⁷⁸ Masabi ko nawa ito nang may pag-ibig at paggalang, kundi upang linawin ito nang husto. Ganoon pa rin ngayon. Hindi ito nagbago kahit kaunti. Kapag pumaparito Siya sa kalagitnaan ng mga tao, sa Kanyang kapangyarihan at paghahayag, upang patunayan na ang Kanyang Salita ay ang siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, sapagkat Siya ang Salita, sinasabi ng mga tao, “Isang manghuhula, isang Beelzebub, isang Jesus only, o—o isang parang ganyan.” Inuuri kayo ng ilan sa kung saan, subalit kailangan nitong maging ganoon.

Kita n’yo, hindi pa tayo nagkakaroon ng isang propeta ngayon sa loob ng halos dalawang libong taon. Hindi nagkaron ng isa ang mga Gentil, alam n’yo; na ipinangako sa dakong huli. Ngayon, alam natin iyan, sa pamamagitan ng Kasulatan. Alam natin iyan, din naman, sa pamamagitan ng kasaysayan na ipinangako ito sa atin.

⁷⁹ Ngayon, pagkatapos ng apat na raang taon, naglakad mismo ang Diyos sa kanilang kalagitnaan isang araw. Ayon sa Kasulatan, Siya ay magkakatawang-tao at mananahan sa kanilang kalagitnaan. “Ang Kanyang Pangalan ay tatawaging Tagapayo, Pangulo ng Kapayapaan, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama.”

At nang dumating Siya sa kalagitnaan ng bayan, ay sinabi nila, “Hindi namin hahayaan ang Taong ito na mamuno sa amin! Ano—ano bang fellowship card ang dala-dala Niya? Ano bang denominasyon ang nagsugo sa Kanya?” Walang nakikipagtulungan sa Kanya. Bawat puntahan Niyang iglesya, kanila Siyang pinalalabas. Ayaw nilang magkaroon ng anumang kinalaman sa Kanya, dahil hindi Siya kabilang sa kanila.

At kung ano ito noon, ganoon din ito ngayon! Sinabi ng Biblia na palalabasin Siya ng iglesyang Laodicea, at tumutuktok Siya, sinisikap na makapasok. May kung anong mali sa kung saan.

⁸⁰ Ngayon, bakit? Nagsigawa na sila ng sarili nilang kampamento. Sila, kung nakilala lamang nila ang Salita, nakilala na sana nila kung Sino Siya. Sinabi ni Jesus, “Kung inyong... Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, sapagkat iniisip ninyo na sa mga Yaon ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan. Ang mga Yaon ang nagsasabi sa inyo kung Sino Ako!” Iyan ang sabi ng Kasulatan. Ngayon, “Ang mga Iyon ang nangagpapatotoo tungkol sa Akin. At kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa na ipinangakong gagawin Ko, kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa na ang Aking Ama, ang Salita... Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao

ang Salita at tumahan sa gitna natin.' Ngayon, kung Ako nga ang Tao na iyon, saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan at tingnan kung ano ang inaasahang gagawin Ko. At kung hindi Ako pumasa; kung ang Aking mga gawa, ang mga gawa na pinatotohanan ng Salita, ang Ama ay nagpapatotoo tungkol sa Akin, kung hindi pinatotohanan ng mga iyon kung Sino Ako, kung gayon nga ay mali Ako." Tama 'yon. "Kung hindi ninyo Ako masampalatayanan, sampalatayanan ninyo ang Salita," sabi Niya, "ang mga gawa na ginagawa ng Salita."

⁸¹ Kita n'yo, isa Siyang estranghero sa kanilang kalagitnaan. Hindi nila Siya nakilala. "Wala tayong magiging anumang kinalaman sa Taong ito, isa lamang kakatwang Tao na ipinanganak doon sa isang sabsaban sa kung saan." At naniwala sila na ang Kanyang ina ay nagkaroon nitong Sanggol bago pa man Ito ipanganak, o bago pa man Ito . . . nagkaroon nitong Sanggol na ipinanganak na ilehitimo, pala. At saka, sila, na bago pa man ipanganak ang Sanggol, na nagtungo siya at pinakasalan si Jose; at ginawa naman nito iyon para lamang alisin ang itim na marka sa kanya, sa kanyang pagkatao. "At Siya ay naging isang kakaibang Tao, dahil isa Siyang batang anak sa labas, at iyon ang dahilan kaya nga ganoon Siya."

At nang lumabas Siya, ano ang Kanyang ginawa? Winasak ang kanilang mga kredo, itinaob ang kanilang mga mesa, hinampas sila palabas ng lugar, at sinabi, "Nasusulat!" Amen! Iyan na dapat ang nagsabi kung Sino Siya. "Nasusulat!"

⁸² Buweno, wala silang pakialam sa isang Taong ganoon. Ngunit doon sa kaibuturan ng kanilang puso, batid nila kung Sino Siya, sapagkat malinaw na sinabi iyon ni Nicodemo. "Guro, kami, na mga Fariseo, batid namin na isa kang guro na buhat sa Diyos, sapagkat walang tao na makagagawa ng mga bagay na iyong ginagawa maliban na ang Diyos ay sumasa kanya." Bakit hindi pa nila Siya kinilala kung gayon? Ito ay dahil sa naglagay na ng hangganan nito ang kanilang kampamento. Ayaw nitong papasukin Siya sa kampamento. Hindi nito hahayaan na makalabas patungo sa Kanya ang sinuman. May sarili silang kampamento. Sa gabi siya nagtungo, noong talagang sarado na ang pintuan. Ngunit nalaman niya na magagawa niya, nakatagpo Siya, pa rin.

⁸³ Oo, ganoon din ngayon! Mayroon silang . . . Siya'y naging isang estranghero na, taga-ibang bayan. Hindi nila Ito maunawaan. "Bakit nga magiging *ganito*, at bakit nga magiging *ganoon*?" Gayong, ang Salita Mismo ang nagpapatotoo na ito nga ang mismong inaasahang magaganap sa panahong ito. Gaano natin ito pinagdaanan, nang paulit-ulit, ngunit ito ang Katotohanan.

⁸⁴ Siya noon, para sa kanila sa kanilang kampamento, ay "Isang panatiko, isang lumalabag sa kanilang tradisyon, isang

gumugulo sa kanilang mga iglesya, isa lamang talagang manghuhula, isang espiritista na tinawag na 'Beelzebub.' Iyon nga Siya."

At naniniwala ako, kung pumarito Siya sa ating kalagitnaan ngayon, ay magiging ganoon din Siya, sa atin. Sapagkat, may tradisyon tayo, may denominasyon tayo, ni hindi nga tayo magkasundo-sundo sa isa't isa. Bakit? May iisang dako lamang na maaaring magkaisa ang tao, 'yon ay, sa ilalim ng nabuhos na Dugo. At nabuhos ang Dugo, bilang isang binhi ng buhay, upang buhayin itong Binhi, ang Salita. Maliban diyan, laging itataboy ng ating mga makadenominasyong harang ang mga tao.

⁸⁵ Subalit Siya'y magiging isang estranghero ngayon. Tatawagin Siya sa ganoon ding bagay. Gagawan Siya ng hakbang, ilalabas Siya sa kampamento. At alam ba ninyo... Ang siya ring Biblia na nagsabi na itatakwil Siya ng tao, "isang Taong may kapanglawan, bihasa sa karamdaman," at kanilang itinakwil, "at ating pinalagay Siya na sinaktan at dinalamhati ng Diyos," ang mismong Kasulatan na nagsabi niyan. Ang mismong propeta na umawit ng, "Diyos Ko, Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan? Ang Aking mga buto, kanilang lahat na pinapansin Ako. Binutasan nila ang Aking mga kamay at ang Aking mga paa." Nang kanilang inaawit ang himno na iyon sa iglesya; ang kanilang Hain, ang Diyos na inakala nila na kanilang pinaglilingkuran, ay kanilang ipinapako sa krus.

Ganoon din ito ngayon, ang mismong Diyos!

⁸⁶ Tingnan kung ano ang sinabi ng propeta, si Amos, nang magtungo siya sa Samaria. At naningkit ang kanyang munting mga mata habang papalapit na siya doon at nakita ang makasalanang bayan na iyon, ang mga kababaihan na nakahiga sa lansangan, na may kasamang lalaki, isang makabagong Amerika. Nang masdan niya ito, ay naningkit ang kanyang mga mata. At wala siyang anumang tagapagsuporta sa kanya. Wala siyang fellowship card. Isinugo siya ng Diyos. Diringgin kaya ng mga tao ang kanyang Mensahe? Hindi, hindi nila siya diringgin. Subalit nagpropesiya siya, at sinabi niya, "Ang mismong Diyos na sinasabi ninyong pinaglilingkuran n'yo ang wawasak sa inyo."

At sinasabi ko, sa Pangalan ni Jesus Cristo: Ang mismong Diyos na ipinapahayag ng bansang ito, na isang relihiyosong bansa, ang mismong Diyos na sinasabi nila na kanilang pinaglilingkuran ang wawasak sa kanila sa kanilang kasamaan. Wawasakin Niya ang bawat denominasyon sa ibabaw ng lupa, ang sinasabi nila na pinaglilingkuran.

⁸⁷ Kaya, pansinin, sinaway Niya sila, at kanila Siyang pinalabas sa kanilang kampamento. "Si Jesus ay nagbata sa labas ng kampamento." Pinalabas nila Siya sa kampamento, sa labas, doon sa labas na malayo sa kanilang kampamento.

⁸⁸ Nalaman natin na sinabi ng Biblia, na sa huling panahong ito sa ilalim nitong Kapanahunan ng Laodicea, ay gagawin nila ang gayon ding bagay. Ilalabas sila sa kampamento.

Ngayon masdan kung ano ang Kanyang sinabing gagawin ngayon, sa pagtatapos.

“Ilalabas sa kampamento,” kung saan sinusunog ang mga hain. Doon nga Siya nabibilang. Siya ang Hain.

⁸⁹ Ngayon, kapatid na lalaki, kapatid na babae, alam ba ninyo na bawat isa sa inyong lahat ay dapat na magsakripisyo; dapat kayong maging hain sa Diyos; isakripisyo ang mga bagay ng sanlibutan; isakripisyo ang inyong mga sariling kalayawan sa sanlibutang ito; isakripisyo ang mga bagay ng sanlibutan? Alam ba ninyo ang dahilan kaya ayaw itong gawin ng mga tao?

⁹⁰ Alam ninyo, ang isang tupa, may isang bagay lamang na maihahandog ang tupa, at iyon ay ang balahibo ng tupa. At, ngayon, hindi hinihiling sa kanya na bumuo o gumawa ng balahibo ng tupa para sa taong ito. Hinihiling sa kanya na guma- . . . na maglabas siya ng balahibo ng tupa.

Hindi hinihiling sa atin na gumawa ng anumang. Hinihiling sa atin na maglabas ng bunga ng Espiritu. Iyon ay, ang loob ng tupa, kung ano siya sa loob, ang siyang gumagawa ng balahibo ng tupa sa labas. At kapag tinataglay ng isang tao si Cristo sa kalooban, ginagawa siya nitong gaya ni Cristo sa panlabas, hindi isang artipisyal na pagpapakita lamang.

⁹¹ Buweno, nalaman natin na kapag naganap na iyon, kapag bumalik na si Cristo, paano ba Siya pinakikitunguhan? Katulad na katulad lamang nito sa pasimula. Palaging ganoon noon pa man.

⁹² Kaya, lubos Niyang sinaway sila, na kanilang inilabas ang mga iyon sa Kanyang kampamento, at ginawa Siyang gaya ng isang makasalanan. Na, “Siya ay naging kasalanan para sa atin.”

⁹³ Ngayon, pagkatapos ng daan-daang taon, oo, halos dalawang libong taon, ay muli Niyang dinalaw ang kanilang kampamento, ayon sa Kanyang ipinangakong Salita na Kanyang gagawin sa huling panahon. Muli Niyang dinalaw ang kampamento. Dinalaw Niya ang kampamento, upang ihayag itong Salita ngayon.

Katulad na lamang ng Kanyang pagdalaw nang araw na yaon, at ng Kanyang ginawa noong panahon ni Moises. Hindi iyon si Moises na gumagawa niyon; isang tao si Moises. Si Cristo iyon.

⁹⁴ Tingnan n’yo si Jose, ang buhay; inibig ng ama, kinamuhian ng kanyang mga kapatid, dahil isa siyang tagakita. At kinamuhian nila siya, nang walang dahilan. Iyon lamang ang tanging dahilan na maaari silang mamuhi sa kanya.

Ganap na tipo ng sa ngayon, eksakto nga. Ang iglesya, muli, kanilang kinamumuhian ang espiritwal na bagay.

At nalaman natin na ipinagbili siya sa halagang halos tatlungumpung pirasong pilak, ipinalagay na patay na. Kinuha at inilagay sa bilangguan; tulad ni Jesus sa krus. Isang tao ang napahamak, at isang tao ang naligtas; at dinala buhat doon sa kanang-kamay ni Faraon. Ito nga ay kagayang-kagaya ng paraang ginawa kay Jesus.

⁹⁵ Si David iyon, at nagtungo sa mga lansangan, na isang nananangis, na tinanggihang hari; at naroroon sa bundok, na iniiyakan ang Jerusalem. Hindi iyon si David. Ang Anak ni David, ilang daang taon pagkatapos niyon, ay naroroon sa siya ring bundok at umiiyak dahil Siya ay tinanggihan na Hari sa gitna ng Kanyang Sariling bayan. Ito’y si Cristo, sa tuwina.

At, ngayon, gayong iprinopesiya na na kailangang dumating si Cristo sa kampamento, alam ba ninyo kung ano ang nangyari? Ito’y magiging sadyang katulad nito noon. Kailangan nitong maging ganoon, upang maisakatuparan kung ano ang ipinangako dito ng Salita na Kanyang gagawin.

⁹⁶ Ngayon alalahanin, si Cristo ay naroon sa kapanahunan ni Noe. Si Cristo iyon, “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman,” ang tinanggihang Salita sa panahon na iyon.

⁹⁷ Pansinin, at ang Kanyang propesiya sa Apocalipsis 3, na nasumpungan, kapag pumarito Siya sa huling panahon, na gaya ng Kanyang iprinopesiya na paririto Siya sa huling panahong ito. At sa anong kalagayan Niya nasumpungan ang iglesya sa Laodicea? “Mayaman, hindi na nangangailangan ng anuman.” “At nakaupong isang reyna at hindi makikita ang pagluluksa.” “At pinalabas Siya sa iglesya,” wala nang paggagamitan sa Kanya. Muli Siyang nagtungo sa labas ng kampamento. Ngunit gayunma’y hindi niya alam na siya’y hubad, bulag, at maralita; at hindi ito nalalaman.

⁹⁸ Muli, kung paparito Siyang muli sa paraan na ginawa Niya noon, Kanyang sasawayin ang bawat babaeng nagsusuot ng shorts. Kanyang sasawayin ang bawat babaeng maiksi ang buhok, bawat mukhang may pinta, bawat lalaki na napakababa para hayaan ang kanyang asawa na gawin ang ganyan. Gagawin pa rin Niya. Pagkatapos ay wawasakin Niya ang bawat denominasyon na mayroon, at sisirain ang bawat kredo na mayroon tayo. Naniniwala ba kayong gagawin Niya iyon? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen!”—Pat.] Tiyak ngang gagawin Niya. Tama iyon.

⁹⁹ Ano ang gagawin nila sa Kanya? Palalabasin Siya ng kampamento. Sigurado ngang hindi sila makikipagtulungan sa Kanya. Hindi, po!

¹⁰⁰ Ngayon nasumpungan natin Siyang muli, sa araw na ito, na gaya nga ng sinabi ng Biblia na gagawin sa Kanya, na ilalabas sa kampamento. Sapagkat nananatili Siyang ganoon sa habang panahon, ang Salita, siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

¹⁰¹ Sila—ayaw nila sa Kanya. Muli nila Siyang tinanggihan, sa kanilang konseho. Pipiliin nila, ngayon, gaya ng ginawa nila noon nang naroon Siya sa paglilitis. At ngayon, nang ang Salita ay nasa paglilitis na, ano ang nangyari? Muli nilang tinanggihan gaya ng ginawa nila noon, at tinanggap ang isang Barrabas, isang mamamatay-tao, sa halip na si Cristo. Ganoong bagay pa rin ang gagawin ng konseho. At, ngayon, dahil sa kanilang tinanggihan na ang Salita at ang sakdal na pagpapatotoo ng panahon na ito, kanila nang ipinagbili at pinili ang isang Barrabas, ang Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesya, isang mamamaslang ng Salita. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

¹⁰² Tinatanggihan nila ang Kanyang Salita, tinatanggihan ang Kanyang bautismo, tinatanggihan ang Kanyang Kapangyarihan, tinatanggihan ang Kanyang mga tanda. At sa pamamagitan ng isang kredo o tradisyon muli, ng pagsusuot ng binaliktad na mga kuwelyo, at lahat na, na nagsisigawa sa kanilang mga sarili ng mga kredo, at iba pa, sinisikap nila, sa pamamagitan ng mabubuting gawa. Hindi sila itinalaga sa Buhay, sa simula't simula pa. Walang anuman sa kanila upang sumampalataya.

“Siya na nakakakilala sa Akin, ay nakakakilala sa Aking Ama. At kung paanong isinugo Ako ng Ama, ay isinusugo Ko rin naman kayo.” Ang Diyos na nagsugo kay Jesus ay sumasa kay Jesus. At ang Jesus na nagsusugo sa inyo ay sumasa inyo. “Ang sumasampalataya sa Akin, ay gagawin din naman niya ang mga gawang Aking ginagawa. Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan, at inyong ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng nilikha,” itim, dilaw, puti, kayumanggi, maging ano pa man siya. “Lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya.” Hanggang saan? “Sa buong sanlibutan, at sa lahat ng nilikha.”

¹⁰³ Isang munting ministrong Baptist, hindi pa katagalan doon sa Tucson, ang lumapit sa akin, sabi, “Kapatid na Branham, heto ang problema mo. Pinipilit mo itong gawin na apostolikong kapanahunan.” Sabi niya, “Wala nang ganoong bagay na gaya ng apostolikong kapanahunan ngayon. Tapos na ang apostolikong kapanahunan.”

¹⁰⁴ Sabi ko, “Siyanga ba? Hindi ko alam 'yon.”

Pagkatapos ay sinabi niya, “Buweno, tapos na nga iyon.”

Sabi ko, “Sigurado ka ba?”

Sabi niya, “Sigurado. Sigurado ako,” sabi niya.

“Sige nga,” sabi ko, “paano mo naisip na tapos na nga iyon?”

Sabi, “Para sa mga apostol kasi iyon.”

¹⁰⁵ Sabi ko, “Sinabi ni Pedro, nang araw ng Pentecostes. Sumasampalataya ka ba sa kanyang Salita?”

“Siyanga, po.”

¹⁰⁶ “Sabi niya, ‘Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo, at mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Sapagkat sa inyo ang pangakong ito, at sa inyong mga anak, at sa mga anak ng inyong mga anak, at sa kanila na nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos.’”

¹⁰⁷ Ang pangako ring ito, kailangan nating bumalik dito! Nagsulat si Doktor Simon Pedro ng isang reseta. Sinabi ng Biblia, “Wala bang pamahid na gamot sa Gilead? Wala bang manggagamot doon?”

Buweno, alam ninyo, kung kukunin ninyo ang reseta ng doktor. Kapag nakasumpong siya ng isang sakit sa inyong katawan, at isinulat niya ang resetang iyon; mas maiging punan mo na ito, kumuha ng isang tunay na parmasyutiko na pupuno dito sa paraan lamang ng pagkakasulat dito. Dahil, kinakailangan niyang maglagay ng sapat na dami ng lason, at sapat na dami ng pangontra, sapat na tatanggapin ng inyong sistema. Nakita n’yo, siya...ito’y nasubukan na at napatunayan, at dapat ninyong sundin ang resetang iyon. Kung hindi n’yo sundin, kukuha pa kayo ng isang huwad na doktor para paglaruan lang iyon, na hindi alam kung paano sukatin nang tama ang gamot na iyan, papatayin niya kayo. At kung maglalagay siya ng napakahinang bisa, walang buting idudulot iyon sa inyo.

¹⁰⁸ At iyan ang problema sa karamihan sa inyo na mga doktor. Pinaglalaruan ninyo ang resetang iyan!

Sinabi ni Pedro, “Bibigyan ko kayo ng isang resetang panghabang panahon, para sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos.” Hindi, “Halina at makianib.” Kundi, “Mangagsisi, ang bawat isa sa inyo, at mangagpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang mga resulta,” amen, “ang Espiritu Santo. Sapagkat ang pangako, ang resetang ito, ay para sa inyo, at sa inyong mga anak.”

Ngayon, ang ilan sa inyo na mga huwad na doktor, tigilan na ang pagsusulat ng mga pekeng reseta na iyan. Kita n’yo? Pinapatay ninyo ang inyong mga kababayan. Uh-huh. Iyan ang dahilan kaya hindi nakakarating sa kanila ang tunay na Bagay. Siyanga.

¹⁰⁹ Alam ninyo, sa reseta ring ito, kung paano natutuklasan ng doktor ang kanyang gamot. Lagi silang kumukuha at . . . Pinipilit alamin ng mga siyentipiko ang isang bagay, pagkatapos ay ibinibigay nila ito sa isang hayop na ipinangsusubok sa mga pag-eeksperimento, at tinitingnan kung papatayin siya nito o hindi.

At pagkatapos, alam ninyo, ang gamot, ay may panganib na suungin. Ikaw, maaari kang gumaling, at maaaring mapatay ka nito, kita n'yo, dahil hindi lahat ng tao ay kagaya ng hayop na ipinangsusubok sa mga pag-eeksperimento, marahil.

Kaya, ngunit may isang bagay tungkol sa resetang ito, ito'y para sa lahat.

¹¹⁰ At, saka, sinuman na totoong mahusay na doktor na walang . . . na may taglay na lubos na pagtitiwala sa kanyang sariling gamot, hindi niya ipasusubok iyon sa iba. Napakaduwag ng ilan sa kanila para kumuha ng isang preso na may sentensiyang panghabangbuhay, at pagkatapos ay palalayain siya sakaling mabuhay pa siya dito, ipapagamit sa kanya ang inireseta.

¹¹¹ Ngunit, sa dakong ito, mayroon tayong isang tunay na Doktor. Dumating Siya, ang inireseta ay ginamit, Niya Mismo. Kita n'yo? "AKO NGA." Hindi, "Magiging Ako." "Ako ang muling pagkabuhay at ang Buhay," sabi ng Diyos. "Siya na sumasampalataya sa Akin, bagama't siya'y patay na, gayon ma'y mabubuhay siya. At sinomang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay hindi mamamatay magpakailanman." Sinabi ni Marta . . . Sinabi Niya, "Sinampalatayanan mo ba ito?"

¹¹² Sinabi niya, "Oo, Panginoon, sumasampalataya ako na Ikaw ang Cristo na paririto sa sanlibutan. Maging ano pa man ang itawag ng iba pa sa kanila sa Iyo, nakita ko na iyon!"

¹¹³ Sa Kalbaryo, nagpainiksiyon Siya, Siya Mismo. At noong umaga ng Pagkabuhay, ay hindi na Siya napigilan pa ng kamatayan. "Ako ang muling pagkabuhay at ang Buhay." Nag-iniksiyon sila ng kamatayan sa Kanya, subalit bumangon Siya, na nanagumpay laban sa kamatayan, impiyerno, at libingan. Nagpainiksiyon Siya, Siya Mismo.

At nagsugo Siya ng ilang mga doktor para magsulat ng reseta, na may kapahayagan ng kung Sino nga Siya.

"Ano ang sabi ng mga tao kung sino Ako na Anak ng tao?"

¹¹⁴ Sinabi ni Pedro, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay."

¹¹⁵ Sinabi Niya, "Mapalad ka, Simon. Nakuha mo na ito ngayon. Ibinibigay Ko sa iyo ang mga susi sa Kaharian. Anomang iyong talian sa lupa, ay Aking tatalian sa Langit. Kung iyong kalagan sa lupa, Akin itong kakalagan sa Langit."

¹¹⁶ At noong Araw ng Pentecostes, nang makita nilang nagaganap na ang lahat ng ito, ay sinabi niya . . . Sabi nila, "Ano ang maaari naming gawin upang makuha itong inokulasyon?"

¹¹⁷ Narito't kanyang binasa ang reseta. Sabi niya, "Ngayo'y magsusulat ako ng isang reseta. Ito'y para sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nangasa malayo, maging ilan man ang kailanma'y tawagin ng Panginoon nating Diyos."

Huwag paglaruan ang reseta; mamamatay kayo! Ginagawa nila itong napakahina, ngayon, hanggang sa maging isa na lamang itong denominasyonal na tubig, tama 'yon, isang kung anong likidong pang-embalamo na kanilang itinuturok sa isang patay na tao upang gawin siyang higit pang patay.

Oh, subalit, kapatid, may isang tunay na pagkapahid! May pamahid na gamot sa Gilead. Ito'y para sa kagalingan ng kaluluwa. Huwag lamang paglaruan ang reseta. Sundin lamang ang reseta sa paraan ng pagkakasulat dito, at obligado ang Diyos sa Kanyang Salita; hindi obligado sa kredo, o sa dogma, o sa denominasyon. Siya ay obligado sa Kanyang Salita. Sundin ang reseta, iyan ang unang batayan. Magsimula, kung gayo'y nakalagda ka na at handa nang gumawa.

Pansinin, “sa labas ng kampamento.”

¹¹⁸ Pinili nila ang isang Barrabas ngayon. Gayong dumaan na ang Ebanghelyo nang paroo't parito, sa buong mundo, mga dakilang tanda at kababalaghan ang nangagsisunod sa rebaybal, ngunit, sa halip na mangagsipasok at mangagsumikap na gawin ito, nakikisama pa sila kay Barrabas. “Bago tayo magkaroon ng walang kabuluhang ito, at iba pa, sa ating iglesia, tayo'y magiging mataas na uri na gaya ng iba pa sa kanila.” Ngayon pinagsama-sama na nila ang Roma at ang lahat sa kanila, isang Barrabas. Pansinin, nariyan na tayo kung gayon sa malaking kampamentong iyan.

¹¹⁹ Inaanyayahan tayo na lumabas sa kampamentong iyan. “Si Jesus din naman, upang mapaging banal sa pamamagitan ng Kanyang Sariling Dugo ang bayan, ay nagbata sa labas ng pintuan. Atin nga Siyang puntahan sa labas ng pintuan,” masdan, “na dala ang Kanyang pagkadusta.”

¹²⁰ Ano ang dahilan at Siya'y dinusta? Hindi dahil sa Siya ay Methodist o Baptist, titiyakin ko iyan sa inyo; hindi dahil sa Siya ay Fariseo o Saduceo. Dahil sa Siya ang pinatotohanang Salita.

¹²¹ “Na dala ang Kanyang pagkadusta,” para sa (ano?) pinatotohanang Salita. Tama 'yon. Iyon nga ang Kanyang ginawa. Sabi Niya, “Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, huwag ninyo Akong sampalatayanan; kung hindi Ako ang kasagutan sa lahat ng mga tanong sa Mga Kasulatan.”

¹²² Si Jesus ng Bagong Tipan ay ang Jehovah ng Luma. Ganap ngang tama! Sa palagay ko, gaya nga ng sinasabi ko sa inyo dito ngayon, kamakailan lang, o sa kung saan sa isang pagtitipon. Maaaring hindi iyon dito. “Ang Jehovah ng Lumang Tipan ay si Jesus ng Bago.” Naaalala ba ninyo ang—ang—ang . . .

Noong nangangaso ako ng squirrel nang umagang iyon, at naroon ito, ang tatlong malalaking sangang iyon ay tumutumbok sa isang naroon, doon mismo sa bundok; nakatayo ako roong minamasdan ito. At lumapit ako at inalis ang aking sumbrero, inilapag ang aking riple, umakyat doon. At niyanig ng isang

Tinig ang kakahuyan, sinabi, “Si Jesus ng Bagong Tipan ay ang Jehovah ng Luma. Manatiling tapat.” Kaya sa ibaba mismo niyon ay kung saan lumitaw ang mga squirrel, noon, lumitaw gayong wala naman doon. Kita n’yo? Iyan ay Katotohanan. Kita n’yo? Totoo ito. Kaya, alam ng Diyos, kung Kaninong harapan ako nakatindig, na ito ang Katotohanan nito. Tama ’yan. Ito ang Katotohanan.

¹²³ Doon mismo sa Kentucky; at may mga taong nakaupo mismo dito ngayong gabi, na naroon nang muli itong maganap, ang siya ring bagay. Oo. Alam natin na ito ay ang Katotohanan; si Jesus ng Lumang Tipan!

¹²⁴ Gaya noong unang salta dito ng mga lahing Intsik, ni hindi sila marunong bumasa o sumulat ng wika natin, pero napakahusay nilang tagalaba. At kaya sila ay. . . Pupunta ka sa labahan ng Intsik. Mayroon lamang siyang isang malinaw, na maliit na puting pananda. Hindi siya makabasa ni isa mang bagay, at alam niyang hindi mo naman iyon mababasa sakali mang isulat niya iyon. Kaya, kapag pumunta ka, kinukuha lamang niya itong maliit na maputing kapisang papel, na para bang *ganitong* ayos, halimbawa, dito mismo, at pinupunit niya ito sa isang paraang gaya *niyan*. Ngayon, ibibigay niya sa iyo ang isang piraso ng papel, at itatago naman niya ang kabilang piraso ng papel. At pagkatapos kapag binalikan mo na ang iyong labada, sasabihin niya, “Patingin nga ako ng piraso ng papel mo.” At kukunin niya ang mga iyon; kapag nagtugma iyon, iyon na nga ito. Makukuha mo na uli ang marurumi mong damit na malinis na.

¹²⁵ At tumugma si Jesus sa bawat propesiya; bawat disenyo ni Jehovah ng Lumang Tipan ay si Jesus ng Bago. Tumugma Siya sa lahat ng bagay.

Hayaang sabihin ko ito nang may banal na takot at paggalang, ngunit pag-ibig, ngunit katapatan sa pagkabatid kung saan ako nakatayo. Ang Mensahe sa panahon na ito ay tumugma sa lahat ng bagay na ipinangusap ng Biblia tungkol sa panahon na ito. Ngayon, kung mayroon kang maruruming damit, ibigay na ang mga iyon. Uh-huh. Nahugasan ka na ba sa Dugo ng Kordero?

¹²⁶ Pansinin, “na dala ang Kanyang pagkadusta,” dahil Siya ang pinatotohanang Salita. Gaya noon, ay ganoon din ito ngayon, Siya ay ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Mga Hebreo 13:12 at 13. Nalaman natin ang Mga Hebreo. . . 8, 13:8, din naman. “Na dala ang Kanyang kahihiyang,” ng Ebanghelyo.

¹²⁷ Dinadala ang Kanyang Pangalan! Sabi Niya, “Ako ay pumarito sa Pangalan ng Aking Ama.” Ano ang Pangalan ng Ama? Pumarito Siya sa Pangalan ng Kanyang Ama. Sabi, “Pumarito Ako sa Pangalan ng Aking Ama at hindi ninyo Ako

tinanggap.” Buweno? Ano ang Pangalan ng Ama? Sa palagay ko’y dapat ninyong malaman. Kita ninyo?

Dala-dala ang pagkadusta ng Salita. Lagi Itong dinadala palabas ng kanilang mga kampamento. Pinalabas nila Ito. Pagtatawanan ka, at gagawing katatawanan.

¹²⁸ At, ngayon, kung saan ako nagpasimula noon sa buong bansa...Hindi nangungusap ng tungkol sa aking sarili; pakiusap huwag isiping personal ito. Pero, ubos na ang oras ko, at mayroon pa akong mga sampung pahina dito. Nakikita ninyo kung ano pa ang natira dito, kita n’yo, kita n’yo, buweno, sa mga tala. Pero, makinig. Unang nagsimula . . .

¹²⁹ Napansin ba ninyo si Jesus nang una Siyang magsimula? “Oh, ang batang Guro. Oh, isa Siyang kamangha-manghang Tao! Pumarito Ka sa kinaroroonan namin. Halika’t mangaral sa amin.”

¹³⁰ Subalit isang araw ay naupo Siya sa kanila, at Kanyang sinabi, “Maliban na kanin ninyo ang laman ng Anak ng tao, at inumin ang Kanyang Dugo, ay wala nga kayong Buhay sa inyo.”

¹³¹ Ano sa palagay ninyo ang inisip ng mga doktor at matatalino na nasa malaking pulutong na iyon ng mga tao? “Isang bampira ang Taong ito.” Kita n’yo? “Gusto Niyang inumin ninyo ang dugo ng tao. Labis-labis na iyon para sa atin. Lumayo kayo sa Kanya. Ang—ang sabi ng mga saserdote ay baliw Siya; naniniwala ako dito.” At sinabi ng Biblia na nagsilayo sila.

¹³² Pagkatapos ay mayroon Siyang pitumpung mga itinalagang mangangaral. At Kanyang sinabi, “Hindi sila maaaring maging sa Akin.”

Kaya tumingin Siya sa kanila, sabi Niya, “Ano ang inyong sasabihin kapag nakita ninyo ang Anak ng tao na pumapanhik sa Langit kung saan nga Siya nagmula?” Ngayon, hindi Niya kailanman ipinaliwanag ang mga bagay na ito. Hinayaan lamang Niya ang mga iyon. Kita n’yo?

¹³³ At sinabi nila, “Anak ng tao? Ano? Kumakain tayong kasama ang naturang Tao. Nangingisda tayong kasama Siya. Nahihiga tayo sa pampang na kasama Siya. Nakita natin ang duyan na pinag-uguyan sa Kanya. Kilala natin ang Kanyang ina. Kilala natin ang Kanyang kapatid. Sino nga ang makatatanggap ng isang bagay na gaya Nito?”

At sinabi ng Biblia, “Hindi na sila nagsisama pa sa Kanya.”

¹³⁴ Pagkatapos ay bumaling Siya kay Pedro at sa iba pa sa kanila, sinabi, “Humirang ako ng labindalawa, kayong labindalawa.” Ngayon, mula sa libu-libo, nauwi Siya sa labindalawa. Sabi Niya, “Humirang Ako ng labindalawa. Pagkatapos, ang isa sa inyo ay ang diablo. Batid Ko na ito, sa simula pa lang.” Sabi Niya, “Ngayon nais ba ninyong sumama sa kanila?”

Hindi Niya kailangan na mag-alaga at magtapik-tapik, at, “Gagawin kitang isang diakono kung sasali ka sa aking iglesya.” Kita ninyo? Walang personal na mga saloobin. Ni hindi Niya man lamang ito ipinaliwanag. Ni hindi rin ito maipaliwanag ng mga apostol.

Ngunit, tandaan n’yo, sinabi lamang Niya sa kanila, “Kilala Ko kayo bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan. Itinalaga Ko kayo na tumanggap ng kagalakan na kasama Ko.” Kita n’yo? Hayun nga ito, “bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan,” itinalaga na.

¹³⁵ Nakatayo doon nang sadyang seryoso ang mga apostol. Hindi nila maipaliwanag kung paano nila magagawang kainin ang Kanyang laman at inumin ang Kanyang Dugo. Hindi nila maunawaan kung paano Siya bumaba, gayong naroon Siyang kasama nila sa lahat ng panahon. Hindi niya ito maipaliwanag. Hindi ito maipaliwanag ng mga tao. Walang makapagpaliwanag nito.

Ngunit sinabi ni Pedro ang mahahalagang mga pananalita na iyon. Hindi nakapagtata kang ibinigay Niya sa kanya ang mga susi. Sabi niya, “Panginoon, kanino pa kami magsisiparoon? Naniniwala kami. Alam namin na Ikaw, at Ikaw lamang, ang katunayan ng ipinangakong Salita ngayon. Alam namin na Ikaw lamang ang may taglay ng Salita ng Buhay. Hindi namin maipaliwanag ang mga bagay na iyon, ngunit sumasampalataya kami Dito, gayong pa man.”

¹³⁶ Sinabi ng munting si Marta, “Patay na ang aking kapatid. Nakahimlay siya sa libingan. Naaagnas na siya; mabaho na siya. Panginoon, kung narito Ka lamang, hindi sana namatay ang kapatid ko. Subalit kahit ngayon, anuman ang Iyong hilingin sa Diyos, ay ipagkakaloob ito sa Iyo ng Diyos.” Oh, naku!

¹³⁷ Sabi Niya, “Ako ang muling pagkabuhay at ang Buhay. Siya na sumasampalataya sa Akin, bagama’t siya’y patay na, ay mabubuhay. Sinuman na nabubuhay at sumasampalataya sa Akin, ay hindi mamamatay magpakailanman. Sinasampalatayanan mo ba ito?”

¹³⁸ Sabi niya, “Oo, Panginoon. Hindi ko ito maipaliwanag, gayunma’y sinasampalatayanan ko ito. Sumasampalataya ako na Ikaw ang Cristo na paparito sa sanlibutan. Sumasampalataya ako, sa pamamagitan ng nasusulat na Kasulatan, na nasa Iyo ang mga katangiang Iyon.”

¹³⁹ Sabi, “Saan ninyo siya inilibing?” Oh, naku! Kailangang may maganap. Bawat gulong ay nagkakasama-sama na sa tamang panahon. Kita n’yo?

¹⁴⁰ Naglakad Siya patungo sa libingan. Sinabi ng Biblia, “Walang kagandahan na mananais tayo sa Kanya.” Marahil ay isang maliit, na hukot na Lalaki, na nakatayo na ang maliliit na balik at ay nakabagsak, pagod at hapo na mula sa paglalakad.

Sabi Niya, “Lazaro, lumabas ka!” At ang isang tao na patay na, nang apat na araw, ay tumayo sa kanyang mga paa.

¹⁴¹ Isang babae na taga-Christian Science. Ipagpaumanhin n’yo kung masaktan ko man ang inyong damdamin; hindi ko sinasadya. Isang babae na taga-Christian Science, na taga-iglesyang iyon mismo, ang sumalubong sa akin doon isang araw. At sabi niya, “G. Branham,” sabi niya, “gusto ko ang pangangaral mo, pero may isang bagay na labis mong ginagawa dito!”

Sabi ko, “Ano iyon?”

Sabi, “Masyado mong ipinagmamalaki si Jesus.”

¹⁴² Sabi ko, “Sana’y iyon lang ang mayroon Siya laban sa akin.” Kita n’yo? Kita n’yo? Kita n’yo?

¹⁴³ Sabi niya, “Ginagawa mo Siyang Diyos.” Kita n’yo, hindi sila naniniwala na Siya ay Diyos. Naniniwala sila na isa lamang Siyang karaniwang tao, mabuting guro, pilosopo. Sabi, “Ginagawa mo Siyang Diyos. At hindi Siya Diyos.”

¹⁴⁴ Sabi ko, “Oh, oo, Siya nga.”

Sabi niya, “Kung mapapatunayan ko sa iyo, sa pamamagitan ng sarili mong Biblia, na hindi Siya Diyos, maniniwala ka ba dito?”

¹⁴⁵ Sabi ko, “Ganun ang sinabi ng Biblia ko, ako—pinaniniwalaan ko ang Salita. Iyon ay kung Sino Siya.”

At sabi niya, “Sa San Juan, sa ika-11 kabanata, nang magpunta si Jesus sa libingan ni Lazaro, ay sinabi ng Biblia na tumangis Siya.”

Sabi ko, “Ano’ng kinalaman niyan dito?”

Sabi niya, “Buveno, ipinakita niyan na hindi Siya Diyos.”

¹⁴⁶ Sabi ko, “Nabigo ka lang na makita kung Sino ’yung Taong iyon. Siya ay kapuwa Diyos at tao. At bilang isang tao, na tumatangis, noong tumatangis Siya para sa kanilang pagdadalamhati. Ngunit nang tumayo Siya at sinabi, ‘Lazaro, lumabas ka,’ at ang isang tao na patay na, nang apat na araw, ay tumayong muli sa kanyang mga paa, iyon ay higit pa sa isang tao.” Siyanga, po! Oo, tiyak nga!

¹⁴⁷ At madalas kong sabihin, noong bumaba Siya sa bundok nang gabing iyon, na gutom, Siya ay tao. Nagutom Siya kinaumagahan. Tao Siya. Subalit noong kunin Niya ang dalawang tinapay at limang isda, at pinakain ang limang libo, nakakuha pa ng pitong kaing, higit pa ’yon sa isang tao. Siyanga, po. Siya ay tao, doon sa krus, nang sumigaw Siya, “Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?” Nang sabihin Niya, “Bigyan ninyo Ako ng inumin,” at kanila Siyang binigyan ng suka at apdo, isa Siyang tao, na nananangis. Subalit noong umaga ng Pagkabuhay, nang Kanyang kalagin ang bawat selyo ng

kamatayan, impiyerno, at ng libingan, at bumangon, higit pa Siya sa isang tao.

¹⁴⁸ Isa Siyang tao nang gabing iyon, na nakahiga sa likuran ng maliit na bangka na iyon kung saan Siya naroon na kasama ang mga alagad, at sampung libong diablo ng dagat ang sumumpa na kanila Siyang lulunurin. Uh-huh. Naroon sa isang maliit na lumang sasakyang-dagat, na gaya ng isang tapon ng bote doon, parang ganun; pagod na pagod Siya, na hindi man lamang Siya nagising. Isa Siyang tao noong natutulog Siya. Ngunit noong ituntong Niya ang Kanyang paa sa barandilya ng bangka, saka tumingala at sinabi, “Pumayapa, tumahimik ka,” at ang mga hangin at ang mga alon ay tumalima sa Kanya, higit pa iyon sa isang tao. Iyon ay ang Diyos!

Hindi kataka-takang sinabi ng makata:

Sa pagkabuhay, inibig Niya ako; sa
pagkamatay, iniligtas Niya ako;
Sa pagkalibing, dinala Niya sa malayo ang
mga kasalanan ko;
Sa pagbangon, Kanyang inaring-ganap nang
walang bayad magpakailanman;
Balang-araw Siya ay darating, O
maluwalhating araw!

¹⁴⁹ Siyanga, po! Tumungo sa labas ng kampamento. Wala akong pakialam ano man ang maging kabayaran nito.

Itong banal na krus ay aking papasanin
Hanggang sa ang kamatayan ako’y palayain;
Saka Uuwi, na isang putong ang susuutin,
Sapagkat may isang putong na para sa akin.

¹⁵⁰ Sa pagtatapos, sasabihin ko ito. May binabasa akong isang kuwento kailan lang, tungkol sa isang hukom. Isa siyang matuwid na tao, isang mabuting tao, minahal. At may isang pangkat ng mga tao sa bayang iyon na inakalang makakalusot sila sa kahit anong bagay, kaya, mayaman kasi sila, kaya nagbukas sila ng isang bahay-aliwan, nagpatakbo ng isang tindahan ng alak, alak, lahat ng ganoong bagay. Iyon ay ipinagbabawal. At hinuli sila ng batas, ng alagad ng batas, at dinala sa korte. At nang ang lahat ng mga tao sa bayan, nagtipon-tipon sa maliit na bayan, alam nilang maraming bagay ang nagawa ng taong ito doon, ang naturang taong nagpatakbo ng lugar na aliwan. At sila—sila, ang lupong tagahatol, ay nasumpungang nagkasala ang naturang tao, dahil nahuli siya sa akto. At gayun nga na ang hukom ay nasumpungan siyang nagkasala, at sientensiyahan nga noon ng napakaraming taon, na walang piyansa, walang apela o anuman, kanyang sinakdal ito, dahil iyon ang hatol ng batas.

¹⁵¹ Hinabol siya ng mga tao sa labas ng korte, at sinabi, “Alam mo ba kung ano? Kamumuhian ka ng lahat ng tao sa bayang

ito!” Sabi, “Kinamumuhian ka nila sa paggawa ng ganoong desisyon doon sa tao.” Silang lahat ay mga sugarol, sila mismo. At sinabi, “Kami—kamumuhian ka naming lahat. Hindi ka na namin muling ihahalal kahit kailan. Wala ni isa man sa amin ang boboto para sa iyo,” sinisigawan siya habang naglalakad siya sa kalye.

¹⁵² At huminto siya sandali, sabi, “Hayaan n’yo akong makapagsalita.” Sabi niya, “Ginawa ko lamang kung ano ang tungkulin ko. Nagkasala ’yung tao, kahit na sino pa siya. At kinailangan ko siyang sentensiyahan ayon sa batas na sinumpaang kong ipagtatanggol.”

Sabi nito, “Kinamumuhian ka sa bayang ito!”

¹⁵³ Sabi niya, “Pero minamahal ako nang lubos sa amin, ng mga kababayan ko.”

¹⁵⁴ Maaaring iniisip natin ang ganoon ding bagay, kung ipagpapamanhin n’yo ang salita. Nanindigan ako para sa gawain kung bakit ako iniligtas, ipagtanggol ang Salitang ito ng Diyos. Alam kong kinamumuhian ako ng mga denominasyon dahil sa mga bagay na sinasabi ko, ngunit lubos akong minamahal sa Kanyang Tahanan, sa gitna ng Kanyang bayan.

Manalangin tayo.

¹⁵⁵ Panginoong Jesus, maaaring kinamumuhian kami ng sanlibutan, ngunit iniibig naman ng Ama. Tulungan Mo po kami, minamahal na Diyos. Tulungan ang mga taong ito, na ang bawat isa sa kanila, Panginoon, na ang Iyong pagpapala ay mamalagi sa kanila. Hayaan kaming magtungo sa labas ng kampamento ngayon. Hayaan kaming lumabas sa sarili naming pag-iisip. Hayaan kaming humayo sa pag-iisip ng Diyos. At sinabi ng Biblia ang ganito, “Mangagkaroon nga kayo ng pag-iisip na na kay Cristo.” Kaya hayaan kaming mag-isip ng Kanyang pag-iisip, hindi ng aming sariling pag-iisip, dahil kadalasan kami ay mali. Kaya, upang makatiyak, hayaang mamalagi ang Kanyang pag-iisip sa amin. At ang Kanyang pag-iisip ay ang gawin ang kalooban ng Ama, at ang kalooban ng Ama ay ang Kanyang ipinangakong Salita.

¹⁵⁶ Hayaan nga kaming magtungo sa labas ng kampamento, sa gabing ito, Panginoon, at masumpungan si Jesus. Hindi namin Siya kailanman masusumpungan sa pagsali sa iglesya. Hindi namin Siya kailanman masusumpungan sa pamamagitan ng pakikipagkamay sa isang ministro, o—o sa pagpirma sa isang kredo, o sa isang bagay na ipinangako namin, na magpunta sa Sunday school nang napakaraming araw sa isang taon, at iba pa. Masusumpungan lamang namin Siya sa Salita, sapagkat Siya ay ang Salita.

¹⁵⁷ At habang nakikita namin ang ipinangakong araw na ito, na mapapasa labas Siya ng kampamento, na pinalabas muli; ngayon nga’y hayaan kaming magtungo sa labas ng

kampamento, na handang dalhin ang Kanyang pagkadusta; na kinamumuhian nitong sanlibutan, ngunit iniibig naman ng Isang Iyon Na nag-anyaya sa amin sa Kampamento. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

¹⁵⁸ Kung mayroon pa sa mga naririto na hindi nakakakilala sa Kanya, at hindi pa nakakalabas sa kampamento ng pagkakasapi sa isang iglesya, gayunma'y ipinahahayag na Cristiano kayo. Ngunit kapag sinasabi ninyo, "Ang mga bagay na ito, sa paniwala ko, ay para sa ibang panahon," ipinapakita niyan na hindi ito ang Espiritu Santo.

Paano nga na ang isang tao na puspos ng Banal na Espiritu ay mababautismuhan na gamit ang pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo"? Gayong, si Pablo, ang dakilang apostol, ay nagsabi, "Kung isang Anghel ang bumaba mula sa Langit..." Maaaring nagawa ninyo ito, minsan, na hindi nalalaman ang anumang kaibahan. Ginawa ito ng mga taong iyon, na hindi nalalaman ang kaibahan, sa Mga Gawa 19. Ngunit sinabi, "Isang anghel ang mangaral ng anumang taliwas, ito nga ay matakwil."

Paano nga ninyo matatanggap ang isang kredo, o isang ismo, isang bagay na iba, gayong sinabi ng Biblia, "Ang pangako ay sa inyo," ang siya ring bagay na ito, "ang tunay na bautismo ng Espiritu Santo"?

¹⁵⁹ Paano na ang Espiritu Santo, na sumulat ng Salita, ay mapapasa inyo, na ikinakaila ang Salita? Paano nga Nito ikakaila, gayong ang Mismong Espiritu Santo ang nagsabi, "Kung ang sino man ay magdagdag ng isang salita Dito, o magbawas ng anuman mula Dito, Akin ngang aalisin ang kanyang bahagi sa Aklat ng Buhay"? Paano nga kung ganoon magagawa ng Espiritu Santo na magbawas ng anuman sa Salita, o magdagdag ng anuman sa Salita?

¹⁶⁰ Kaibigan ko, kapuwa dito at sa di-nakikitang mundo na patutunguhan ng teyp, na hindi natin nakikita sa ngayon, hayaang pumasok iyan sa kaibuturan ng inyong puso mula sa Mensahe kaninang umaga tungkol sa naturang aral, na nakikita kung nasaan na tayo. Kung hindi pa ninyo nakukuha ang resetang ito na ipinangusap ko kani-kanina, maaari ba ninyo itong tanggapin? Narito kami upang gawin ang lahat ng magagawa namin para sa inyo, upang tulungan kayo.

¹⁶¹ Isa lamang akong saksi. Isa lamang akong tagakampanya. Gaya ng mayroon tayo sa Louisville ngayon, ang—ang Democrat Convention of Kentucky, ang... Bumubuo sila ng plataporma para maihalal ang tao nila. Bumubuo rin naman ako ng isang plataporma para sa aking Panginoon. Maaari n'yo ba Siyang tanggapin, ngayong gabi, bilang sa sarili ninyo?

¹⁶² Habang nakayukod ang ating mga ulo, at ang ating mga puso, rin, sa sandaling ito, maaari ba ninyong itaas lamang ang inyong mga kamay at sabihin sa Diyos. Hindi sa akin;

isa lamang akong tao. Itaas ang inyong mga kamay sa Diyos, sabihin, “Diyos, kahabagan Mo po ako. Tunay na ninanais ko ang lahat ng mga bagay na ito na aking narinig. Nais kong magtungo sa labas ng kampamento. Wala akong pakialam anuman ang sabihin ng sinuman.” Pagpalain kayo ng Diyos. Naku, ang mga kamay, ang mga kamay! “Nais kong magtungo sa labas ng kampamento. Anuman ang maging kabayaran nito sa akin, kukunin ko ang aking krus at papasanin ito araw-araw. Magtungo ako sa labas ng kampamento. Maging anuman ang sabihin ng mga tao tungkol sa akin, nais kong sumunod sa Kanya sa labas ng kampamento. Handa na akong pumunta.”

¹⁶³ Makalangit na Ama, nakita Mo po ang mga kamay na iyon. Isandaang katao marahil, o higit pa, sa loob ng gusali, ang nagtaas ng kanilang mga kamay. Panginoon, may Isa na malapit sa kanila ngayon, isa pang Persona, ang Persona ni Cristo, ang di-nakikita ng natural na mata, at nakapagbunsod sa kanila na gumawa ng isang pasya. Sa kanilang sariling buhay, batid nila habang nakatunghay sila sa isang salamin, nakikita nila na may isang bagay na kulang. At nais nila na ang kanilang buhay ay mahubog ayon sa pangako ng Diyos, at itinaas na po nila ang kanilang mga kamay nang may taimtim na katapatan. Tulungan Mo po sila, Panginoon, tungo sa malaking pintuan ngayong gabi, patungo sa bahay ng mga tupa. Magsipasok nawa sila nang magiliw at mapagpakumbaba. Ipagkaloob Mo po ito. Sila ay sa Iyo, Panginoon. Makipag-ugnay Ka po sa kanila.

¹⁶⁴ Ngayon, hindi nila nakayang gawin ang pasyang iyon, hindi nila naitaas ang kanilang kamay, nang wala ang supernatural na bagay. Ipinapakita nito na may buhay doon sa kung saan. Sapagkat, ayon sa siyensiya, pananatilihin ng grabitasyon ang aming mga kamay pababa. Subalit may kung anong bagay ang tumama sa kanilang isipan, na nagtulak sa kanila na labagin ang batas ng grabitasyon at itaas ang kanilang mga kamay patungo sa Manlilikha na nagdala sa kanila. “Oo, nais kong magpatuloy nang lubusan. Nais kong magtungo sa labas ng kampamento, ngayong gabi.”

¹⁶⁵ Panginoon, handa na ang bautismuhan para sa unang hakbang pagkatapos ng pagsisisi, pagkatapos ay ang pagbautismo, at isang pangako ng pagtanggap sa Banal na Espiritu. Sa mga huling araw na ito, isang pagtawag ng panunumbalik sa orihinal na Pananampalataya, sa orihinal na reseta! Nakikita namin ang napakaraming tao na malayo kay Cristo, na namamatay sa ilalim ng mga resetang ito na gawa ng tao. Maaaring napakabuti nila sa kanilang denominasyon, subalit, Panginoon, ako—nais ko ang Iyong reseta.

Ikaw po ang aming Doktor. May isang Doktor. May gamot na pamahid sa Gilead. May isang Manggagamot dito, ngayong gabi, upang pagalingin ang bawat kaluluwang may sakit ng kasalanan, upang pagalingin ang bawat katawang-pisikal.

Dakilang Doktor sa lahat ng panahon, dakilang Manlilikha ng mga langit at lupa, pumarito Ka ngayon, maaari po ba, sa aming kalagitnaan, at mangusap sa amin. Sa Pangalan ni Jesus Cristo.

¹⁶⁶ Habang nananalangin ang bawat isa sa kanilang puso, “Panginoong Jesus, tulungan Mo po ako ngayon!” At kung hindi pa kayo nababautismuhan, at kayo’y kumbinsido . . . Hindi pa ako nangangaral tungkol sa bautismo. Ngunit kumbinsido kayo na dapat nga kayong mabautismuhan sa maka-Cristianong bautismo, ang tanging paraan na ang sinumang Cristiano . . .

¹⁶⁷ Paano kaya kung mapunta ka Doon, na nabautismuhan sa ibang paraan, at ang siya ring Jesus Na nagsabi, “Sinomang mag-alis ng isang Salita, o magdagdag ng isang salita, aalisin din ang kanyang bahagi sa Aklat ng Buhay?” Sinabi iyon ni Jesus. At sinabi Niya, “Lahat ng Mga Kasulatan ay kinasihan at kailangang matupad.” Ngayon alam na ninyo ang kaibahan. Ano ang gagawin ninyo dito?

¹⁶⁸ Kung pakiramdam lang ang taglay ninyo o anuman! Naniniwala ako sa pakiramdam. Kung nagsayaw lamang kayo sa Espiritu, nagsalita sa iba’t ibang wika! Naniniwala rin ako doon. Ngunit kung hanggang doon lang, at sinasabi sa inyo ng espiritu n’yo na nasa inyo na huwag sundin ang Salita gayong batid ninyo na tama Ito, may kung anong mali sa espiritung iyon. Hindi iyon ang Banal na Espiritu. Hindi maaari. Kita n’yo, kikilalanin Nito ang Sarili Nitong Salita. Alam ninyo iyan. Maaari na kayong maghandang lumapit ngayon habang tayo’y nananalangin.

¹⁶⁹ Jesus ng Nazaret, lumapit Ka po ngayon at mangusap sa bawat puso. Itinatagubilin ko sila sa Iyo. Sila nawa’y maging. . . Lahat ng mga kamay na ito, ang mga ito’y mga tropeo ng Mensahe, Panginoon, mula sa Iyo, at ang Iyong dakilang kapita-pitagang Presensiya na nasa amin ngayon. Masasabi ng sinumang tao na sensitibo sa Espiritu na nandirito Ka, ang dakilang pakiramdam na ito ng kabanalan. Ipagkaloob ito, Panginoon, ngayon na po, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

Ngayon habang nakayukod ang ating mga ulo.

¹⁷⁰ Kung mayroong tao dito na nais magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, nais magsisi, nais magkaroon ng bautismo ng Espiritu, mayroong isang kwartong bukas sa aking kaliwa; ang mga kababaihan, sa kanan. Mayroong isa doon na magtuturo sa inyo. Mayroong mga kasuotang pangbautismo na naroroon na, lahat na.

¹⁷¹ Ngayon, habang pinananatili nating nakayukod ang ating mga ulo, umaawit. “I can hear my . . .” Kakatagpuin namin kayo.



PATUNGO SA LABAS NG KAMPAMENTO TAG64-0719E
(Going Beyond The Camp)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Hulyo 19, 1964, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2012 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org